


# MGA TANONG AT MGA SAGOT

## MGA HEBREO BAHAGI I

 Papaano 'yun gagawin ng babae nang wala ang Diyos? Yun nga'y totoong-totoo, di po ba? Hinding-hindi magagawa nang wala ang Panginoon.

Hindi ako mangangaral ng tungkol sa lahat ng 'yan. Pero naisip ko nga na marahil mag-atang sa akin ng bagay na mabigat, alam n'yo, kaya mainam din na handa ako. Pero, oh, 'yun nga'y napaka, napakagaan pala. Kaya marahil hindi naman ganoong karaming katanungan mayroon ang mga tao, siguro'y mga simple't magagaan lang na mga tanong. Buweno, ikinagagalak ko nga na sagutin ang mga ito sa pinaka mainam kong magagawa, sa tulong ng Panginoon.

<sup>2</sup> At kung si Kapatid na babaing Arganbright po ay narito sa gabing ito . . . Kapatid na babaing Ruth. Nandito ka ba, Kapatid na babaing Ruth? Nariyan. Narito sa akin. . . Oh, opo, narito sa akin ang direksyon, at . . . Naku, wala po pala. Buweno, puwede ko namang ilabas dito. Nandun 'yun sa pitaka ko, at naiwan ko naman 'yung pitaka ko sa bahay. Ngayon, kung mahuli ako ng pulis sa pagmamaneho ko pauwi, Kapatid na Fleeman, saklolohan mo ako. Sabihin mo kay Billy na ako'y . . . naiwan ko 'yung pitaka ko sa bahay, magmamaneho tuloy ako nang walang lisensya ngayong gabi. At akala ko nasa bulsa ko na; nagpalit pala ako ng damit. May ginawa pa po kasi ako, kaninang hapon, nagtatabas ako ng damo at kinailangan kong huminto at magmadali't pumasok ng bahay, magpalit ng damit at magpunta rito. At nadala ko—nadala ko ang lexicon, pero sige't kunin mo na lang maya-maya roon.

<sup>3</sup> Huwag kang mabagabag doon sa liham na 'yun. Kung wala nga akong natanggap na mas malungkot pa dun, maituturing na mainam na liham 'yun. Mainam po. Yun nga'y, napaka, napakainam. Nabanggit ko sa'yo na hindi ko babasahin, pero sinilip ko, alam mo, at di ko mapigil na di basahin. Iniisip ko kasi kung ano 'yung sinabi mo. At napaka, napakainam, ng pagkakasulat na parang isang tunay na guro sa eskuwelahan talaga ang nagsulat. Mainam po, at ikinagagalak ko 'yun. At binibigyan kayo nun—binibigyan kayo nun ng . . .

<sup>4</sup> Kita n'yo, gustung-gusto ko talaga ng mga liham na—na may ibang pananaw sa iyo nang kaunti. Kita n'yo, kung magkakasundo kayo lagi, na walang may ibang pananaw sa iyo, ikaw ay nagiging walang kasigla-sigla. Kailangan din nung may ibang pananaw sa inyo para mas makaunawa ka't

makapagsaliksik pa nang malalim. At—at magbubunsod pa 'yan na maging ganoon at ganoon na lang lagi kayo kung di n'yo babantayan; tapos kayo'y—tapos kayo'y mapapahamak kapag nanatili kayo sa ganoon. Kailangan kasi may pag-usad kayo at bahagi n'yan ang may ibang tao na may ibang pananaw sa inyo at animo'y magpapagpag ng inyong balahibo paminsan-minsan.

<sup>5</sup> Doon po sa Aprika may nakita ako roon na dalawang maliliit na leon, at maliliit po sila, mga *ganitong* kalaki. May maliliit na batik, maliit, na munting leon; isang munting leon, isang munting babaing leon. At ngayon, mukha nga silang mga kuting, napakaliit po nila, munti't. . . nakatutuwa pong munting mga nilalang, laro lang sila nang laro. At dadalhin ko sana sila pabalik ng Amerika, inilagay ko sila sa isang kulungan ng ibon. Dadalhin ko sana sila pabalik, pero wala lang akong makita na—na bagay na ipambabakuna sana para sa kanila, na anumang bakuna. At hindi nila ako pinapayagan na dalhin sila sa Estados Unidos kung di muna sila pababakunahan, at wala nga akong makitang ganoon sa buong Aprika. Pero kung gusto n'yo ngang malaman kung siya ba talaga'y leon o hindi, tampalin n'yo nang kaunti. Poporma nga siya't ipapaalam sa inyo na leon talaga siya, haya't—haya't para bang sinasabi niya sa inyo na ganito siya.

<sup>6</sup> Ganyan din ang kailangan n'yong gawin paminsan-minsan, alam n'yo, animo'y papagpagin n'yo ang inyong balahibo sa likuran n'yo, para magpakilala. Pero, ngayon, hindi po tayo magagalit na parang leon; tayo po'y—tayo po'y ginaganahan lang dun, na. . . may mga tao na magtatanong ng mga katanungan. At ang mga tanong na gaya nun, Kapatid na babaing Ruth, ay napaka, napakainam talaga para sa akin. Isa 'yun. . . Gustung-gusto ko—gustung-gusto ko 'yun, kita mo. Yung mga di-kaaya-aya na mga tanong haya't 'yun 'yung hindi ko gustong matanggap. Pero 'yung mga ganoon. . . mainam po.

<sup>7</sup> Ngayon mayroon po tayong maiinam, na nakapukaw, na mga katanungang malapit sa atin. May isa pong mangangaral dun sa likod ngayon-ngayon lang, tinanong ako, sabi, “Yung dalawang propeta sa Apocalipsis 11, sila ba'y darating bago ang Pag-agaw? O bago lamang kunin ang Israel? At ano ang. . .” Ngayon, 'yung mga ganyang klase ng katanungan ang—ang—ang magbubuhol sa inyo. Pero itong mga simpleng katanungan ay mainam po.

Pero ngayon, bago tayo magsimula, iyuko po muna natin ang ating mga ulo para sa pananalangin.

<sup>8</sup> Ama, nabanggit po na noong Ikaw ay labing-dalawang taong gulang, nasumpungan Ka sa Templo kasama ang mga eskriba't mga pantas, na pinagdidiskusyunan ang Mga Kasulatan. At sila nga'y—sila'y namangha sa. . . 'yung mga matatanda pong lalaki, at mga bihasa sa Mga Kasulatan, at heto na nakikita nila ang isang munting Batang Lalaki na labing-dalawang taong

gulang na sadyang—sadyang nakakabilib, sa pagpapaliwanag ng Mga Kasulatan. Ikaw nga’y nasa gawain ng Iyong Ama. Sinabi Mo sa Iyong nanay, “Di бага talastas ninyo na dapat Akong maglumagak sa gawain ng Aking Ama?” para ipaliwanag ang Mga Kasulatan kung ano ba ang espirituwal na mga kahulugan ng mga ito.

<sup>9</sup> At ngayon nananalangin po kami, Panginoon, na—na yamang nababatid Mo kung gaanong karupok at kahina kami, at kung papaanong saklaw pa rin kami na makagawa ng pagkakamali, na Ikaw po’y sadyang pumarito lamang ngayong gabi sa anyo ng Espiritu Santo, at ipaliwanag ang mga Kasulatan na ito sa amin. Ako po’y naghihintay at nakadepende sa Iyo. At kung may pagkakataon, anumang saglit, na subukan kong ilagay ang sarili kong kaisipan o interpretasyon o kung anong bagay na ganang pansarili, na susubukan kong papagsabihin ito sa paraan na sa tingin ko’y tamang pagpapaliwanag ko rito, Iyo pong itikom ang aking bibig, Panginoon, gaya ng Iyong . . . ginawa sa mga leon, noong sila’y lumalapit kay Daniel. Ikaw po’y ang siya pa ring Diyos.

<sup>10</sup> At Iyo po itong papaging lubos . . . Sa aming pagtitiwala sa Espiritu Santo, nawa Kanyang ihayag ang mga bagay na ito sa amin. At pagkatapos sa Kanyang pagbibigkas sa mga ito, ibunsod Mo po ang mga ito na maging malinaw na ang sinuman na nagtanong ng katanungan ay matanggap Ito. At kung Ito ay sasagot man na kabaligtaran sa lagi ko na noong pinaniniwalaan, kung ganoon ay magbunyi rin naman ang aking puso, Panginoon, na malaman na may natuklasan akong bagay na bago, at isang mabuting pamamaraan ng Panginoon. Dahil sinabi Mo, “Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, sapagkat iniisip ninyo sa mga Yaon na mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga Ito’y Siyang nagpapatotoo patungkol sa Akin.”

<sup>11</sup> Ngayon, pagkatapos po ng pagtuturo na ito sa Kasulatan, tunay na mapupukaw ang maraming pag-iisip at iba pa. At kaya idinadalangin ko, Diyos, ngayon na ang lahat ng mga katanungan na ito ay kalugud-lugod at mahinahon na tinanong, nawa’y sagutin ng Espiritu Santo ang mga ito nang may kahinahunan at kaluguran. Sapagkat hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus, at para sa kaluwalhatian ng Diyos, at sa ikatitibay ng Kanyang Iglesya. Amen.

<sup>12</sup> Marami pong pagkakataon na ang ganang pansariling mga motibo sa kung anong bagay, ay sumisira sa buong dating nito. At ngayon, may kahilingan na magkaroon ng mga pagtatanong-tanong sa Kasulatan na ito.

<sup>13</sup> Ngayon, kung ako po ay medyo sumisitsit nang kaunti sa gabing ito, dahil po ’yan sa may natanggal akong ngipin. At nung ibinalik ko ’yun, at hindi ako makapangaral, bumabagal po ako

kapag nangangaral; tinanggal ko na lang po, at kaya para po bang sumisipol-sipol ako.

<sup>14</sup> May naikuwentong pangyayari si Gng. Billy Graham tungkol sa asawa niya, pinaka nakakakabang pangyayari raw na nakita niya sa asawa niya, 'yun pong, hindi niya naisuot 'yung pustiso niya sa harapan. At nawala niya 'yun, at may programa pa siya sa telebisyon agad-agad, at—at di niya . . . Nailagay niya raw 'yun sa isang lalagyan kasama ng mga pang-likurang pustiso. At kaya kapag nagsasalita siya, may sumisipol na hangin “whew, whew” sa ngipin niya. At sabi ng maybahay niya'y nakaluhod daw siya, nananalangin at pinagpapawisan, sampung minuto bago ang pagsasa-telebisyon, at mabuti na lang at nakita nila na 'yun ay nahulog sa pares ng pantalon niya sa dulo ng kanyang sapatos. Isa sa mga umaasiste dun ang nakakita nun, 'yung pustiso. At binanggit 'yun ni Gng. Graham sa kanya, at nandun lang pala. At kaya inilagay ko naman itong sa akin sa kapisang papel, sa tingin ko naiipit ko ito sa Biblia ko rito.

<sup>15</sup> At kaya medyo . . . kapag tumatanda na tayo at humihina na, alam n'yo, haya't nawawalan tayo ng ganito, nakakaabala. At mangyari nga na ako . . . habang kasama ko roon sa likod si Kapatid na Roberson, at sila, sinisipilyo ko nga 'yun isang umaga at nabasagan ko ng isang bahagi nun, at kinailangan kong dalhin sa doktor, para ipaayos. Kaya ang Panginooon talaga'y idinaragdag ang Kanyang mga pagpapala.

<sup>16</sup> Ngayon magpatuloy na tayo, ngayon, sisikapin ko na madaanan ang bawat isang ito, kung kaya ko. At, Kapatid na Tony, dahil sa biyaya ng Diyos, nakuha ko ang interpretasyon ng panaginip mo, at kahanga-hanga 'yun. Ikinagagalak ko na makita 'yun. At 'yun nga'y napaka inam na interpretasyon, na sa palagay ko'y hindi ko dapat ilahad dito nang hayagan sa publiko, kaya sasabihin ko 'yun sa iyo nang pribado kung di mo—kung di mo . . . kung gusto mong ganoon. Itinanong niya 'yun sa akin nung isang gabi, nanaginip daw siya, at hindi ko masabi kung ano 'yun sa kanya hanggang sa dumulog ako sa Panginooon at ipinanalangin ko 'yun. Pagkatapos inihayag 'yun sa akin ng Panginooon at sinabi sa akin kung ano ang interpretasyon. Kahanga-hanga nga, at mabuting balita para sa iyo, Kapatid na Tony.

<sup>17</sup> Ngayon, dito sa unang tanong. Ngayon, hindi ko alam kung alin ba ang uunahin, dahil lahat ng mga ito'y kay iinam. Pero, ngayon, sikapin natin na huwag nang masyadong magpakatagal, at marahil matatapos natin ang mga ito sa Linggo, kung di natin madaanan ang lahat.

**51. Pakipaliwanag po kung ano ang ibig sabihin ng “panghabang-panahon na kaparusahan,” sa Mateo 25:46. “Datapuwat ang . . .” Yan po ang katanungan.**

**52. Tapos, ang ikalawang tanong: “Datapuwat ang mga anak ng kaharian ay pawang itatapon sa kadiliman sa labas,” ito po ba’y kapareho lang nung pagwawaglit sa kanila mula sa kaisipan ng Diyos?**

<sup>18</sup> Buweno, ngayon, sige’t dumako tayo sa una mong tanong, na matatagpuan sa San Mateo, sa beinte- . . . sa ika-25 kabanata. Ngayon ating . . . Ngayon, hindi ko pa po napag-aaralan ang mga ito, sinilip ko lang ang mga ito diyan sa likod, at sinikap ko lang sa mainam kong makakaya na saliksikin ang mga ito sa abot ng pinaka mainam na nalalaman—na nalalaman ko kung paano. At ang aking . . . Sige po’t makibuklat po kayo sa akin ng inyong mga Biblia, habang pinag-aaralan natin Ito. Ngayon, gusto ko ring kunin ito mula sa Griyegong lexicon dito, para makuha n’yo ang—ang orihinal nito. At gusto ko—gusto ko po ’yun. Nang sa gayon ay magkaroon tayo Nito sa kapwa—sa kapwa—sa Griyego at sa isa pa. At ngayon medyo—medyo mabagal lang ito, at bubusisiin, dahil kinakailangan kong kunin at hanguin ang mga Kasulatan sa kung saan-saang dako na makikita ko, at ilagay ang mga ito sa kani-kanilang tamang puwesto. Sige po.

<sup>19</sup> Ngayon, mayroon po ba rito na may gusto ng Biblia para makasabay sa pag-aaral? Kung gusto n’yo po, itaas n’yo lang ang inyong kamay. At tayo po’y . . . sa palagay ko may tatlo o apat tayo ryan sa likod. Kung gusto n’yong sumabay sa pag-aaral ng Kasulatan, sige po. Kapatid na Cox, puwede ka bang pumunta rito at kunin mo para sa akin ang mga Bibliang ito? At maganda rin ’yan—maganda rin ’yan, kung magagawa n’yo, na . . . (may isa, at sige’t kung magagawa n’yong—sige’t kung magagawa n’yong ibaba ang mga ito, marami pa naman). At sige’t kung mayroon diyan na may gusto, itaas n’yo lang ang inyong kamay, dadalhin sa inyo ng lalaki, kita n’yo. At gusto nga natin na pag-aaralan natin ang mga ito nang sama-sama, at sadyang . . .

<sup>20</sup> Ngayon, sa pagbabasa rito at sa huling mga kabanata . . . ang unang pitong kabanata ng Aklat ng Mga Hebreo. Pagkatapos ng pagtuturo, hayan nga, ang lalaki po na inirerekord ang mga ito, ang mga paksang ito, sina Kapatid na Mercier at Kapatid na Goad, natipon na nila ang mga ito at ngayon nga’y inihahanda na’t ilalathala para maging libro. At mayroon na sila. Ngayon . . . at kung tutuusin ay di pa tayo nakarating sa kalahatian man lang nito na nasuyod maigi, kumbaga hinaplos lang natin ’yung ibabaw. At sa palagay ko’y isinaayos na nila ito nang paksa sa paksa . . . at kinuha na nila ’yung—’yung pinaka katagang-sipi mula sa . . . at plinaplantsa na lang maigi ’yung mga katagang-sipi, kaunting mga katagang-sipi sa pagtuturo ng Mga Hebreo. Mailalabas na ito ni Kapatid na Mercier malapit-lapit na, na nakaimprinta, para sa kung sino man na gusto nito.

<sup>21</sup> Ngayon ito rito, nagbubunsod ito . . . Hindi kasi puwedeng basta mo na lang . . . sa isang pang-ebanghelikong iglesya, haya’t

dito nga'y pang-ebanghelikong iglesya. Hindi ka maaaring tumugaygay sa isang—isang pagtuturo nang hindi pinupukaw ang hinala't isipan ng maraming mga tao. Kinakailangan mo talaga. Ngayon, ang layo ko po sa pagiging isang tagapagturo, hindi ako ekspositor ng Biblia kung tutuusin. Pero hindi ko kailanman sinubukan na—na magsabi ng anumang bagay, o gawin man ang anumang bagay, nang hindi muna—hindi muna nagtatanong o nagsasaliksik sa pinaka mainam kong magagawa para rito.

<sup>22</sup> Tinanong po sa akin ng isang kalugud-lugod na kapatid, kagabi, sabi niya, “Kapatid na Branham, sinabi minsan ni Kapatid na Seward na hindi ka raw—hindi ka raw puwedeng magipit sa kung saang bagay. Kita mo, haya't may pamamaraan ka raw palagi na malusutan 'yun o makaalpas mula roon.”

<sup>23</sup> Sabi ko, “Buweno, ang dahilan kung bakit ganoon, lagi kasi akong nag-iisip muna bago gumawa ng kung ano. Kita mo? At pagkatapos kung tatanungin ako ng mga tao, hayan nga na masasabi ko sa kanila kung ano ang nasa isip ko. Kita mo?” Pero maaari lang 'yan kung ang iniisip mo ay tama. At bago ka gumawa ng kung anong bagay, sikapin mong lumagay sa panig na inilaan sa iyo ng Diyos na kunin, pagkatapos nga'y napakahirap na n'yang gipitin.

<sup>24</sup> Hindi n'yo nga lubos maisip noong panahon na si—si Ahab ay nagtangka siyang gipitin si Elias. Hindi n'yo lubos maisip noong panahon na ang mga Fariseo'y nagtangka silang gipitin si Jesus? Kita n'yo, mayroon Siyang—mayroon Siyang sagot agad-agad, dahil lahat mismo ng ginawa Niya, ginawa Niya sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos, at Siya . . . sa ganoong paraan Niya—Niya ito makukuha. Ngayon, sa ganitong paraan din natin ito nais.

Ngayon ang katanungan po na tinanong, dadako na tayo sa tanong:

**Pakipaliwanag po kung ano ang ibig sabihin ng “panghabang-panahon na kaparusahan,” sa Mateo 25:46.**

<sup>25</sup> Ngayon makinig pong maigi. Ang lahat po ngayon, Mateo 25:46:

*At ang mga ito'y mangapaparoon sa panghabang panahon na kaparusahan: . . .*

<sup>26</sup> Ngayon, ang tanong po ay, “Ano . . . Pakipaliwanag . . .” Ngayon ang salitang *panghabang-panahon* ay nanggaling sa salitang “kailan-kailan pa man,” at ang salitang *magpakailanman* ay “isang espasyo ng panahon.” Ang ibig sabihin lang nito'y “mahabang-mahabang panahon,” gaya nga ng *magpakailanman*. Ngayon kung babasahin n'yo lang . . . Hindi ko po alam kung sino ang nagsulat ng mga tanong, dahil wala pong naglagay ng pangalan nila rito; hindi naman 'yun mahalaga, ayaw ko ring ipalagay, kita n'yo.

Ngunit *ang mga ito'y mangapaparoon sa panghabang-panahon na kaparusahan: . . .* (Ngayon masdan n'yo, ang mga masasama ang tinutukoy riyang.)

27 Ngayon, sa kalugud-lugod—ang kalugud-lugod na taong nagtanong ng katanungan, basahin mo lang ang karugtong pa Nito:

*. . . datapuwa't ang mga matuwid ay sa walang hanggang buhay.*

28 Ang mga masasama nga'y madadako sa panghabang-panahon na kaparusahan (may tukoy na espasyo ng panahon), subalit ang mga matutuwid ay sa Buhay na Walang Hanggan. Hindi ka nga makakasampung ng Walang Hanggang kaparusahan, hindi maaari. Kita n'yo, dahil kung may Walang Hanggang kaparusahan sila, may Buhay na Walang Hanggang sila; may Buhay na Walang Hanggan sila, ligtas sila. Kita n'yo, hindi maaari. Ngayon kung mamasdan, 'yung—'yung mismong tanong ay tinanong nito ang sarili nito . . . sinagot nito ang sarili nito. Kita n'yo?

*At ang mga ito . . .*

Ngayon masdan n'yo, puntahan ko lang 'yung sinabi bago ito:

*. . . at sila . . .*

29 Sa ika-20 po . . . ika-44 na talata:

*. . . at sila nama'y sumagot, na sinasabi sa Kanya, Panginoon, kailan kami nakitang nagugutom, o kailan nauuhaw, at isang taga ibang bayan, at hubad, . . . at nasa bilanguan, at hindi ka namin pinaglingkurang?*

*Kung magkagayo'y sila'y sasagutin niya, na sasabihin, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na yamang inyong ginawa . . . sa maliliit na ito, inyong ginawa . . . sa akin.*

*At ang mga ito'y mangapaparoon sa panghabang panahong (panghabang panahong) kaparusahan: (ang mga masasama ang tinutukoy) . . . datapuwa't ang mga matuwid ay sa Buhay na Walang Hanggan.*

30 Nakikita n'yo ang pagkakaiba? Ang masasama nga'y may panghabang-panahon na kaparusahan, pero ang panghabang-panahon nga'y "isang espasyo ng panahon." Ngayon, kung parehas lang, ang nasusulat sana'y, "At ang mga ito'y paparoon sa panghabang-panahon na kaparusahan, ang iba naman ay paparoon sa panghabang-panahon na buhay." Kita n'yo? O, "Sila'y paparoon sa Walang Hanggang kaparusahan, at ang iba naman ay paparoon sa Walang Hanggang buhay." Kita n'yo, kung may Walang Hanggang kaparusahan, na kaparusahan nang kailan-kailanpaman, kung ganoon ay may Walang Hanggang . . . ang indibiduwal na 'yun ay may Walang

Hanggang Buhay; at nag-iisa lang ang Buhay na Walang Hanggan, at 'yun ay nanggagaling sa Diyos. Lahat ng walang pasimula ay walang katapusan, lahat ng may pasimula ay may wakas. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

<sup>31</sup> Ngayon, ang Kasulatan Mismo na sagot sa—sa kalugud-lugod na tao... Ngayon kung dadalhin n'yo 'yun sa lexicon, “*At ang mga ito’y mangapaparoon sa ainion, may hangganan, at sa pangha- . . . at sa apoy, sa dagat-dagatang apoy.*” Ngayon, ang ibig sabihin ng salitang *a-i-n-i-o-n* ay “isang espasyo ng kaparusahan.” Dito sa Griyegong lexicon, dito po, “espasyo ng kaparusahan,” o, “panahon ng kaparusahan.” Kita n'yo, “Sila’y paparoon sa isang panahon ng kaparusahan.” Ang ginamit na salita, *a-i-n-i-o-n*. Ainion, na ang ibig sabihin ay “mga panahon, isang panahon, isang panahon na may hangganan.” Tapos dalhin n'yo sa—sa salin dito, sa Ingles, ang *panghabang-panahon* ay “isang panahong may hangganan.” Kita n'yo, nanggaling 'yun sa Griyego, “isang hangganan ng panahon.” Ang salitang *ainion*, o *a-i-n-i-o-n*, ang ibig sabihin ng *ainion* ay “isang may hangganan ng panahon na kaparusahan.”

<sup>32</sup> Pero basahin n'yo nga ang katuloy, “Datapuwat sila’y paparoon sa Walang Hanggan.” Magkaiba po. Kita n'yo, Buhay na Walang Hanggan. Ang *Walang Hanggan* ay galing sa salitang “Walang Hangganan,” at ang Walang Hangganan nga’y walang pasimula ni wakas man. Ito’y magpakailan *at* kailanpaman. Ngayon nasagot na po, kita n'yo, dahil kung babasahin n'yo lang nang masinsinan ang Kasulatan, makikita n'yo.

<sup>33</sup> “*At ang mga ito’y mangapaparoon sa panghabang-panahon na kaparusahan, datapuwa’t ang mga matuwid . . .*” Ang mga masasama nga’y paparoon sa panghabang-panahon na kaparusahan, paparusahan sa isang espasyo ng panahon; siguro’y bilyong taon, di ko alam, pero kayo nga’y tunay na paparusahan dahil sa inyong mga kasalanan. Pero kung gaanong katiyak na ang kasalanan ay may pasimula, ang kasalanan nga’y may katapusan. Ang kaparusahan ay may pasimula, at ang kaparusahan ay may katapusan. At ang impyerno’y nilikha para sa diyablo’t kanyang mga anghel. Kita n'yo? Buweno. Ngayon, may isa pa ako rito sa ibaba nito na sasagutin, pansumandali, ito nga’y maganda, kadugtong nito.

Ngayon, heto na po: **“Datapuwat ang mga anak ng kaharian ay pawang itatapon sa kadiliman,” ito po ba’y kapareho lang nung pagwawaglit sa kanila mula sa kaisipan ng Diyos?**

<sup>34</sup> Ngayon, hindi po pareho. Ngayon, ang tinutukoy mo rito ay yaong Hapunang Kasalan. Ngayon, “At ang mga anak ng kaharian,” gaya nga ng pagkakatanong dito. Ang mga anak ng kaharian ay ang mga Judio, at sila’y itinapon sa kadiliman sa labas. At sila—sila nga’y itinapon sa kadiliman sa labas, at dumanas sila ng panahon ng pag-iyak at pagtangis at



pangangalit ng mga ngipin. Sila'y itinapon sa kadiliman sa labas dahil 'yun nga'y magbibigay sa inyo at ako ng panahon para makapagsisi, pero hindi nga sila iwinaglit mula sa isipan ng Diyos. Hinding-hindi Niya makakalimutan ang Israel. At ang Israel, gaya ng nalalaman ng sinumang nagbabasa ng Biblia, sila 'yung tinutukoy na "mga anak ng kaharian." Kita n'yo, kaharian nga, ang pangako. Sa madaling salita, ang Diyos ay nakikipag-ugnay sa bansa, nung Siya'y nakipag-ugnay sa Israel, na mga anak ng kaharian.

<sup>35</sup> Ngayon, alalahanin n'yo, sinabi Niya roon, "At sina Abraham at Isaac at Jacob," sa isang dako, "ay darating at mauupo sa kaharian sa huling panahon." Kita n'yo, at sina Abraham, Isaac at Jacob ay paroroon sa kaharian; sila nga, sila nga ang pinagpalang mga tao ng kaharian. Pero ang mga anak ng kaharian ay itatapon sa kadiliman sa labas.

<sup>36</sup> Ngayon, ang pinanggalingang sanggunian mula rito ay ang—ay ang Nobyo. Sa pagdating ng Nobyo, sila noo'y. . . Lima sa mga birhen ang lumabas at sinalubong ang Panginoon, at—at hindi sila nagdala ng langis sa kanilang ilawan. At 'yung—'yung ibang lima'y nagdala ng langis sa kanilang ilawan. Ngayon, kung papansinin n'yo, isa nga 'yang napaka gandang pagsasalarawan, ng kapwa Judio at Gentil, bilang ang tinanggihan. Lagi n'yong tatandaan, na may tatlong uri ng mga tao sa tuwina: ang Judio, ang Gentil (ang pormal), . . .; ang Judio, ang Gentil, at ang Iglesya. Kung mapaghahalo-halo n'yo 'yan, sigurado ngang maguguluhan kayo pagdako n'yo sa Apocalipsis. Dahil kung di n'yo. . .

<sup>37</sup> Gaya nung sinabi sa akin ni G. Bohanon isang beses, sabi, "Billy, sinumang magtatangkang basahin ang Apocalipsis ay tiyak babangungutin. Aba," sabi niya, "heto ang isang Nobya rito sa ibabaw ng lupa, at ang—at ang dragon ay nagbubuga ng tubig mula sa bibig nito upang makipagdigma sa Babae." Tapos ang sabi, "Mangyaring kasabay nito ay may Nobya na nakatayo bilang sandaan at apatnapu't apat na libo" (doktrina 'yun ng Jehovah Witness) "sa ibabaw ng Bundok ng Sinai. At kasabay nito'y ang Nobya ay nasa Langit." Naku, naku, nagkakamali kayo.

<sup>38</sup> May tatlong uri kasi ng mga tao. Kita n'yo, 'yan nga'y, ang mga Judio na tinanggihan, at nariyan ang natutulog na birhen na ang katubigan. . . Hindi ito ang Binhi ng babae, ito nga'y ang nalalabi sa Binhi ng babae na binubugahan ng dragon ng tubig mula sa bibig nito. . . Apocalipsis 11. At mangyari nga, ang totoo'y, 'yung sandaan at apatnapu't apat na libong mga Judio ay ganap na hindi ito ang Nobya, sila yaong mga nalabi sa iglesyang Judio. Tapos hayon nga na inilalagay sila ng doktrina ng Jehovah Witness bilang ang Nobya raw, hindi ko nga makita kung papaano n'yo maigiit 'yan, dahil, hindi 'yun ang Nobya.

<sup>39</sup> Kung mapapansin n'yo nga sa Apocalipsis doon, sabi Nito, "At sila'y mga birhen." At sila'y mga bating. At ano po ang bating? Sila'y. . . Ang mga bating po'y mga bantay ng templo na nagbabantay sa reyna, dahil sila'y. . . da- . . . Sila nga'y mga lalaking kinapon. Sila po'y. . . Napansin n'yo ba, sabi, "Hindi nila dinungisan ang kanilang mga sarili sa mga kababaihan"? Sila po'y mga bating ng templo. At 'yun nga'y piling bilang na kinuha ng Diyos mula sa hirang na mga Judio. Ngayon, kung papansinin n'yo. . . Kung dadako lang tayo ryan pansumandali, para mapaging maayos ito sa inyong isipan, na magagawa n'yong. . .

<sup>40</sup> Sige't kunin natin ang Apocalipsis, sa ika-7 kabanata, at titingnan natin dito ngayon, kung saan. . . kung ano ang sinasabi Nito. Isa nga itong magandang bagay:

*At pagkatapos nito. . . nakita ko ang apat na anghel na nakatayo sa apat na sulok ng lupa, . . . (ngayon, umaagapay nga ito sa Ezekiel 9, kung saan nakita niya ang pagkawasak ng mga Judio. At dito nama'y nakita niya ang pagkawasak ng mga Gentil, Apocalipsis, sa ika-7 kabanata) . . . At nakita ko ang apat na anghel na nakatayo sa apat na sulok ng lupa, na pinipigil ang apat na hangin (ang ibig sabihin ng mga hangin ay "digmaan at pagkakaalit") . . . upang ang hangin ay huwag humihip sa lupa, o sa dagat man, . . . o sa anomang punong kahoy. (at digmaan po 'yan, "pinipigilan lang")*

<sup>41</sup> Oh, kung may panahon lang tayo na tumugaygay nang detalyado sa tanong na ito. Sa pangyayari na 'yan. . . Diyan nga napaghalo-halo ito ni Russell. Ang iprinopesiya ni Russell, sa pagkakita niya rito sa pagdating na ito. Ang propesiya niya "ito'y ang Pagdating ng Panginoong Jesus," hindi niya nalalaman na ito pala'y ang—ang pagtatatak sa Iglesya. Kita n'yo?

<sup>42</sup> At pinagtatakanan nga nila kung papaanong ang digmaang pandaigdig. . . Ang Unang Digmaang Pandaigdig. Tingnan n'yo, huminto ito noong ika-labingisa ng Nobyembre, alas onse ng araw na 'yun; ng ika-labingisang buwan, ng ika-labingisang araw, ng ika-labingisang oras. At kaagad-agad pagkatapos nun, ang bautismo sa Pangalan ni Jesus ay nahayag at ang Bautismo ng Espiritu Santo sa Iglesya. Eksaktong-eksakto, pagkatapos na pagkatapos nun.

<sup>43</sup> Kung kukunin n'yo ito sa Apocalipsis, kung papaano natin Ito pinaglakip, at sa pagitan pa mismo ng Kapanahunan ng Filadelfia at ng Laodicea. At ang mga Methodist ay nasa Kapanahunan ng Filadelfia, panahon ng kapatirang pag-ibig. At ang huling iglesya, kapanahunan ng iglesya, ay ang Kapanahunan ng Laodicea, na kapanahunang sala-sa-init sala-

sa-lamig. At sinabi Niya roon, “Ako’y naglagay ng isang pinto (bukas na pinto) sa harapan ninyo.” Isang bukas na pinto! At kung isasangguni n’yo pabalik ang mga Kasulatan na ’yan, bibigkisin nga nun ang buong Mensahe sa isang dako roon, para ipakita sa inyo nang saktong-sakto.

<sup>44</sup> Masdan! Dito kung saan ang lahat noon ay pawang Ama, Anak, Espiritu Santo, sa bautismo, (kung saan tayo direktang dadako) na ganap na kredong Katoliko at di kailanman doktrinang Cristiano. Hindi, nga. Kakaano ko lang...Heto ngang inihahanda natin ito rito, ngayong gabi, para talakayin ito; gagamitin ang lexicon, din. Kita n’yo? Siyanga, po, at gamit din ang kasaysayan. Wala kailanman ang nabautismuhan nang gaya n’yan sa Biblia, o wala nga sa unang animnaraang taon pagkatapos ng Biblia. At mapapatunayan ko ’yan dito sa pamamagitan ng doktrina mismo ng Katoliko, na sila ang nagpasimula nun, at ’yung pagwewisik at pagbubuhos.

<sup>45</sup> Sila’y lumabas dun na nadala ’yun papasok ng iglesyang Wesleyan, at papasok ng iglesyang Methodist, ang mga Methodist nga’y dinala ’yun papasok sa Baptist, ang mga Baptist ay dinala ’yun tuluy-tuloy, at ’yun nga’y nananatiling huwad na doktrina! At maibabaling ’yan sa Biblia at mapapatunayan sa inyo na sinabi ’yan ng Biblia na “may kamit kayong pangalan na ipinamumuhay, pero kayo’y patay.” Ganoon mismo. At sila’y may . . .

<sup>46</sup> Mapapatunayan ko na itinuro ng Biblia na gagamitin nila ang Kanyang Pangalan sa pagbabautismo hanggang sa madilim na kapanahunan, ayon dun sa—sa ika-apat na kapanahunan . . . ng—ng kapanahunan ng iglesya, ang Kapanahuan ng Iglesyang Pergamo. At sinabi Niya, sa, doon sa labing-limang daang taon ng madidilim na kapanahunan, bawat isa, ang sabi’y, “Mayroon kayong kaunting liwanag na natira, dahil hindi n’yo itinanggi ang Aking Pangalan.”

<sup>47</sup> Noong dumating na sa kasunod na kapanahunan doon, sa kapanahunan ng Katoliko, ang sabi Niya, “May kamit kayong pangalan na ‘ipinamumuhay’ ninyo, pero kayo’y patay! At itinanggi ninyo ang Aking Pangalan.” Hayan nga. Kita n’yo? Naglalakip-lakip nga ang lahat sa isang malaking magandang larawan, ang buong Biblia.

<sup>48</sup> Ngayon pansinin n’yo ito:

*. . . pinipigil ang apat na hangin . . .*

*At nakita ko ang ibang anghel na umaakyat mula sa Langit, na taglay ang tatak ng Dios na buhay: . . . (ang Tatak)*

<sup>49</sup> Ngayon, ano ang tatak ng buhay na Diyos? Ngayon, kayo na mga Sabadistang kapatid haya’t sasabihin n’yo, “Alalahanin ninyo ang araw ng sabbath.” Gusto kong ipakita n’yo sa akin

'yan sa Kasulatan. Wala 'yun dun. Wala man lang kung saan na sinabing . . . 'yun—'yun ang tatak . . .

<sup>50</sup> Kung babasahin n'yo ang Mga Taga-Efeso 4:30, nang mabilisan, makikita n'yo roon kung ano ang Tatak ng buhay na Diyos. Sinasabi ng Mga Taga-Efeso 4:30, "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos na sa pamamagitan nito kayo'y tinatakan hanggang sa araw ng inyong katubusan." Hindi nga hanggang sa susunod na rebaybal, bagkus may Walang Hanggang kasiguraduhan (uh-huh). "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos na sa pamamagitan nito kayo'y tinatakan hanggang sa araw ng inyong katubusan." Tingnan n'yo nga kung hindi ba't sinasabi 'yan ng Mga Taga-Efeso 4:30, tapos kunin n'yo ang lahat ng mga nakalistang talata sa gilid ng pahina at tugaygayin n'yo sa buong Kasulatan diyan, at alamin. Ngayon, "Tinatakan hanggang sa araw ng inyong katubusan. Taglay ang tatak ng buhay na Diyos."

<sup>51</sup> Ngayon, alalahanin n'yo, ang Espiritu Santo ay hindi itinuro bilang Bautismo ng Espiritu Santo hanggang sa nung matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig. Ipinagdiwang natin kamakailan ang ating—ating ginintuang jubileo, apatnapung taon, o ang ika-apatnapung taon ng jubileo.

*. . . at siya'y sumigaw ng tinig na malakas sa apat na anghel, na pinagkaloobang maipahamak ang lupa o ang dagat,*

*Na nagsasabi, Huwag ninyong ipahamak ang lupa, kahit ang dagat, o kahit ang mga punong kahoy, hanggang sa aming matatakan ang mga alipin . . . (ngayon malapit na tayo sa pinaka tanong mo, "ang mga anak," kita mo) . . . sa kanilang noo ang mga alipin ng ating Dios. (huwag saktan, huwag wasakin ang lupa, huwag hayaan na sumabog ang bomba atomika, huwag magkaroon ng pagtatapos ng bagay hanggang sa ang mga alipin ng ating Diyos ay matatakan)*

<sup>52</sup> Ngayon, kung madadala natin 'yan sa kasaysayan at tugaygayin dun, kung papaaong—kung papaanong sa *The Decline of the World's War*, sa ikalawang tomo nito, noong si Heneral Allenby ay nakipaglaban hanggang sa sumapit siya sa hangganang-linya ng Jerusalem, at nagpadala siya ng telegrama sa Hari ng Inglatera, at sabi, "Ayaw kong paputukan ang siyudad, dahil sa kasagradsuhan nito." Sabi niya, "Anong gagawin ko?"

<sup>53</sup> Sabi niya, "Manalangin ka."

<sup>54</sup> At lumipad siya sa ibabaw nun muli, at ang ginawa nga nila, sabi nila, "Paparating na si Allenby." At may mga Mohammedan dun, na inakalang ang sabi niya, "Paparating si Allah." At nagwagayway sila ng puting bandila at sumuko at si Allenby ay nagmartsa papasok ng Jerusalem at kinubkob 'yun nang hindi

nagpapaputok ni isang bala, gaya ng sinasabi sa mga propesiya, siyanga, at ibinalik 'yun sa mga Judio.

<sup>55</sup> Pagkatapos nagbangon sila ng isang Hitler para usigin ang mga Judio, at sa buong mundo, at 'yun ang nagbunsod para bumalik sila roon.

<sup>56</sup> At sinabi ng Biblia na Kanyang “ibabalik sila sa mga pakpak ng isang agila.” At nung sila nga'y nag-uumpisa nang bumalik... Ang *Life* Magasin at ang iba pa'y inilathala 'yun mga ilang linggo lang ang nakararaan, kung saan isinakay sila pabalik ng mga 'yun sa bilang na libo-libo, papunta ng Jerusalem, at pasan-pasan nga nila ang mga matatanda sa kanilang likod. Kinapanayam sila. Mayroon nga akong kopya nun sa rolyo at sa litrato. At sabi niya... Nakaladlad dun ang apat-na-bituwing watawat ni David, nakaladlad dun; ang pinaka matandang watawat sa buong mundo, haya't pinaka unang beses na iwinagayway 'yun matapos ang dalawang libong taon.

<sup>57</sup> Sabi ni Jesus, “Kapag ang puno ng igos ay magsusupling na ng usbong nito, ang salinlahing ito'y hindi lilipas.”

<sup>58</sup> At heto nga sila na pasan-pasan ang matatanda nila, at sabi, “Ano po? Kayo po ba'y bumabalik para dito mamatay sa inyong tahanan-lupain?”

<sup>59</sup> Sabi, “Hindi, naparito kami para makita ang Mesiyas.”

<sup>60</sup> At, kapatid, sinasabi ko nga sa inyo, nasa may pintuan na tayo! Hayan nga ang mga alipin, sila na mga naghihintay sa ibayo na 'yun. Hindi nga itong sangbunton ng mga Judio na dadayain ka kahit sa pustiso mo kung magagawa nila, hindi nga 'yan ang Judio na sinasabi Niya. Kundi sila nga na naroon na tinutupad ang—ang mga kautusan at ganung mga bagay, at hindi nalalaman na mayroon palang isang Mesiyas.

<sup>61</sup> At si Kapatid na... Doon sa Stockholm, si Kapatid na Petrus, nagpadala siya sa kanila ng isang libong Bagong Tipan, at nung matanggap nila ay binasa nila. Sabi nila, “Buweno, kung ito nga ang Mesiyas, sige't gusto naming makita na gawin niya ang tanda ng isang propeta, at siya'y paniniwalaan namin.”

<sup>62</sup> Grabeng paunang paghahanda sana para sa aking pagmi-ministryo! Dalawang oras na lang ay nasa pintuan na ako ng Jerusalem, para pumasok, at nasa Cairo, Egypt ako n'yan. At naglalakad-lakad ako roon, at ang sabi ng Espiritu Santo, “Huwag kang pupunta roon.”

<sup>63</sup> Sa isip-isip ko, “Baka guni—guni ko lang ito. Nakabili na ng tiket, at papunta na ako. Yung kausap ko dun ay handa na para salubungin ako, 'yung buong grupo, mga eskuwelahan at iba pa.”

<sup>64</sup> Lumakad pa ako nang kaunti, at sabi ng Espiritu, “Huwag kang pumunta! Huwag kang pupunta.”

<sup>65</sup> Pumunta ako pabalik sa despatsador ng tiket, sabi ko, “Kinakansel ko na ang tiket na ito. Gusto kong pumunta sa Athens, Greece, sa Mars Hill.

<sup>66</sup> Tapos sabi ng despatsador, “Kaso, Jerusalem ang destinasyon ng tiket mo, ginoo.”

<sup>67</sup> Sabi ko, “Gusto ko na lang pumunta ng Athens sa halip na pumunta ng Jerusalem.” Naghihintay ang Espiritu Santo, haya’t ang oras ay di pa dumarating. Hindi pa noon tamang pagkakataon.

<sup>68</sup> Masdan:

*. . . matatakan sa kanilang noo ang mga alipin ng ating Dios,*

*Na nagsasabi, Huwag ninyong ipahamak ang lupa, . . . hanggang sa aming. . . matatakan sa kanilang noo ang mga alipin ng ating Dios.* (sinuman ay nakakaalam na ’yan ang Tatak ng Espiritu Santo; masdan)

*At narinig ko ang bilang ng mga natatakan: . . .* (ngayon, kung hindi ’yan mga Judio, tingnan n’yo ito) . . . *ng mga natatakan ay isang daan at apat na pu’t apat na libo* lahat ng *bawa’t angkan ng mga anak ni Israel.* (wala ngang Gentil na kasali. Yan nga’y sa huling panahon)

<sup>69</sup> Masdan! Ang angkan ni Juda, labing-dalawang libo; ang angkan ni Ruben, labing-dalawang libo; at ang mga sumusunod pa, Gad, labing-dalawang libo; Neftali, at—at—at hanggang kay Aser, at—at Zabulon, at lahat ng labing-dalawang angkan ni Israel. At ang labing-dalawang makalabing-dalawa ay ano? Sandaan at apatnapu’t apat na libo. Hayan nga ang sandaan at apatnapu’t apat na libo, mga Judio! Hindi Gentil, mga Judio! Wala ngang kinalaman ’yan maski ano sa Nobya. Kaya ang Jehovah Witness ay mali sa kanilang doktrina. Malinaw na malinaw na sinasabi ng Biblia na sila’y “mga Judio,” at hindi mga Gentil. Sila’y mga alipin ng Diyos, at ang Gentil ay di ibinilang kailanman na isang alipin. Tayo’y mga anak na lalaki’t mga anak na babae, hindi mga alipin.

<sup>70</sup> Ngayon basahin n’yo pa ang katuloy nun. Katulad nga sa isang tao na kumakain ng pakwan, magsasabi, “Masarap, pero sige’t kumain pa tayo nito.” Sige, ang Diyos nga’y napakarami pa Nito rito. Ngayon, sige’t pansinin n’yo. Ngayon, ngayon nandito tayo sa ika-8 talata:

*At sa angkan ni Zabulon. . . natatakan ang labingdalawang libo.* Lahat ng *sa angkan ni Jose ay natatakan ang labingdalawang libo.* *Sa angkan ni Benjamin ay labingdalawang libo ang tinatakan.*

<sup>71</sup> Kita n’yo, si Juan, yamang isang Judio, nakilala niya ang bawat isa sa kanila, nakita niya ang labing-dalawang angkan

ni Israel; labing-dalawa sa bawat angka, ang labing-dalawang makalabing-dalawa ay sandaan at apatnapu't apat na libo. Hayan nga sila, hindi ang Iglesia, ang mga Judio. Sinabi pa nga mismo ng Biblia rito, lahat sila'y "mga anak ni Israel," bawat angka pa nga'y pinangalanan.

72 Ngayon masdan, sa ika-9 na talata:

*Pagkatapos ng mga bagay na ito (ngayon heto na ang Nobya) . . .*

*Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, . . . narito, ang isang lubhang karamihan na di mabilang ng sinoman, . . .*

73 Hayan nga ang mga bating ng templo, sila'y sandaan at apatnapu't apat na libo lang ang bilang, maliit na bilang nga, sadya ngang munting mga bantay ng templo na kasama ng Nobya; Kanya lang—Kanya lang eskorte. Hayan ang sandaan at apatnapu't apat na libo, ang eskorte ng Nobya; na mga bating ng templo.

74 Masdan! Siyanga, alam ko na babalikan n'yo 'yung ika-14, at sasabihin, "Pero, sila'y kasama ng Nobya saanman sila. . ." Tunay nga! Ang mga bating nga'y naglalakbay kasama ng reyna saanman pumunta ang reyna. Tunay! Pero ano nga sila? Sila'y wala nang iba't mga eskorte lamang, at 'yan na 'yan mismo ang dinedeklara ng Kasulatan dito.

75 Pansinin:

*At pagkatapos ng mga bagay na ito . . . at, narito, ang isang lubhang karamihan, na di mabilang ng sinoman, na mula sa bawa't bansa, . . . mga angka, . . . mga bayan, at wika, . . . (hayan po ang paglitaw ng Nobyang Gentil, siyanga) . . . sila'y nakatayo . . . sa harapan ng Cordero, (hayan po ang kanilang Tagapagligtas, ang Cordero, hindi batas; ang Cordero, Biyaya) . . . na nangadaramtan ng mapuputing damit, . . . (masdan, pansumandali, tingnan n'yo kung hindi ba't ang mapuputing damit ay ang katuwiran ng banal) . . . at may mga palma sa kanilang kamay;*

*At sila'y nagsisigawan ng tinig na malakas, . . . (kung hindi ba't ito'y isang Pentecostal na rebaybal, hindi pa ako nakarinig ng isa kung ganoon) . . . na nangagsasabi, Ang pagliligtas ay sumaaaming Dios na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero.*

*At ang lahat ng mga anghel ay nangakatayo sa palibot ng luklukan, at ng matatanda at ng apat na nilalang na buhay, . . . sila'y nangagpatirapa sa . . . harapan ng luklukan, at nangagsisamba sa Dios,*

*Na nangagsasabi, Siya nawa: Pagpapala, . . . kaluwalhatian, . . . karunungan, . . . pagpapasalamat, . . .*

*karangalan, . . . kalakasan, kapangyarihan, nawa ang sumaaaming Dios magpakailan kailan man. Siya nawa.*

76 Mukha ngang isang camp meeting, di po ba? Mangyayari nga! Sino 'yun? Ang sandaan at apatnapu't apat na libo ba? Hindi po! Itong malaking bilang na walang tao. . . na mula sa lahat ng angkan, mga wika, at mga bansa. Hindi n'yo ba nakikita, minamahal kong kaibigan?

77 Ngayon masdan, sige't basahin lang Ito. Ngayon:

*At sumagot ang isa sa matatanda na, nagsasabi sa akin, Ang mga ito at. . . na nangadaramtan ng mapuputing damit ay sino-sino ba? at saan sila nagsipanggaling?*

78 Ang sabi ng matanda kay Juan, na isang Judio na nakakilala sa sandaan at apatnapu't apat na libo, ang sabi, "Ngayon, nakikilala mo nga sila, lahat sila'y mga Judio. Pero sino-sino ang mga ito? Saan sila nanggaling?" Nakita n'yo ang sinabi ng matanda? "Sumagot ang isa sa matatanda," (ang mga matatanda nga ito na nasa harapan ng Luklukan) "sumagot sa akin, na sinasabi, 'Ano ang mga ito na nadaramtan ng mapuputing damit? At saan sila nanggaling? Ngayon, alam nating lahat ang mga Judio at kanilang tipan at iba pa, pero kailan dumating ang mga ito?" Ngayon masdan:

*At sinabi ko sa kaniya, Ginoo, Ikaw ang nakakaalam. ("Hindi ko—hindi ko—hindi ko nalalaman," sabi ni Juan, "lampas ito sa nalalaman ko. Hindi ko po alam.") At sinabi niya sa akin, Ang mga ito'y ang nanggaling sa malaking mga kapighatian, ("Sa mga pagsubok at maraming mga panganib, pagpapagal at mga patibong sa daan, na akin ding naranasan." Kita n'yo?) . . . ang mga ito'y nanggaling sa malaking mga kapighatian, at nangaghugas ng kanilang mga damit, . . . (sa loob ng iglesya? Tama po ba sa pakinig?) . . . nangaghugas ng kanilang mga damit, at pinaputi sa dugo ng Cordero.*

*. . . sila'y nasa harapan ng luklukan ng Dios, at nangaglilingkod sa Kaniya araw at gabi. . . (sino ang nag-aasikaso sa akin sa aking bahay? Ang maybahay ko. Tama po ba?) . . . at sa Kaniyang templo: . . . (siya nga ang namamalagi kasama ko sa aking tahanan at sa aking pinamamahalaan, ang aking asawang babae. Siya ang kasama kong nakauopo sa tabi ko, at naglalaba ng mga damit ko, at sinisigurado na ang lahat ng mga bagay ay nakahanda para sa akin) . . . at siyang nakaupo sa luklukan ay lulukuban sila ng kaniyang tabernakulo. (Oh, grabe, pakinggan n'yo!)*

*At sila'y hindi na magugutom pa, . . . (mistula ngang nakaranas sila na hindi makakain nang makailan sa*



pagpunta nila roon) . . . *ni sila'y mauuhaw pa man; hindi na sila tatamaan ng araw, o ng anomang init.*

*Sapagka't ang Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor nila, at sila'y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Dios. . . bawa't luha ng kanilang mata. (hayan nga Siya, hayan po ang inyong Nobya)*

<sup>79</sup> Hayan ang sandaan at apatnapu't apat na libo n'yo, hayan ang inyong mga alipin. Kaya “ang mga anak ng Kaharian” dito, minamahal na kaibigan na nagtanong ng katanungan na ito, ito'y. . . sinuman na nagtanong ng katangi-tanging tanong na ito. Sa tingin ko may nakaligtaan pa ako rito sa . . . sa dako ng, hetong “kapag sila'y itatapon,” hindi ibig sabihin na sila ay iwawaglit mula sa isipan ng Diyos. Sila'y winaglitang ng espirituwal na mga benepisyo sa isang haba ng panahon. Kita n'yo, haya't sa kaunti ngang panahon.

<sup>80</sup> Dahil, nung makita ng propeta ang Israel sa hinahantungan niya sa araw na ito, sabi ng propeta, “Buweno, mangyayari bang ganoon pa rin ang Israel kapag ang Sabbath ay inalis, at—at sila'y magtitinda sa Sabbath na katulad sa iba pang araw, at lahat ng mga bagay na ito?” Sabi niya, “Buweno, Iyo bang—Iyo bang. . . Ang Israel ba'y ganap na makakalimutan?”

<sup>81</sup> Sabi Niya, “Gaano ba kataas ang papuntang langit? Gaano ba kalalim ang lupa? Sukatin mo gamit ang panukat na nasa harapan mo.”

Sabi ng propeta, “Hindi ko kaya!”

<sup>82</sup> Sabi Niya, “Sa ganun din na hindi Ko malilimot ang Israel.” Tunay ngang hindi! Hinding-hindi malilimot ang Israel.

<sup>83</sup> Kaya, kita n'yo, ang *panghabang-panahon* at *Walang Hanggan* ay dalawang magkaibang bagay. Isinantabi ang Israel, pero hindi nawaglit sa isipan ng Diyos. At ipinangusap 'yun ni Pablo rito, kung mayroon akong. . . may panahon ako na pag-aralan ito, para mabilis akong nakadadako sa Kasulatan na. . . Sige't babanggitin ko sa inyo, kita n'yo, ang maisip ko.

<sup>84</sup> Sabi ni Pablo sa pangungusap niya roon, sabi'y tayo na mga Gentil upang makasunod sa bilin, ito'y sa paraan ng paglakad natin at bagay na ginawa natin. Kita n'yo? Dahil kung hindi pinatawad daw ng Diyos ang unang sanga, kita n'yo, at tayo na inihugpong lang, kita n'yo, . . . At ang Israel, ay binulag sa isang haba ng panahon, sabi niya. Sa isang haba nga ng panahon, ang Israel ay binulag. Ganoon nga, pero ang tabing nga'y hahawiin din mula sa kanilang mata. At 'yan nga'y kapag ang huling Gentil ay naipanganak na papasok sa Kaharian ng Diyos, pagkatapos nga'y hahawiin na ang tabing mula sa mga mata ng Israel. At sasabihin nila, “Ito ang Mesiyas Na aming hinihintay na makita.” Ganoon nga, pero ang pintuan ng Gentil

ay sarado na n'yan (ang daong ay—ay sarado na n'yan), wala nang biyaya—wala nang biyaya na natitira pa para sa Gentil sa panahon na 'yan.

<sup>85</sup> Ngayon, gumugol ako ng mahabang oras sa isang tanong. At baka sabihin ng iba, “Ngayon baka hindi ka na makadako sa tanong ko.” Buweno, sige't bibilisan na natin at tingnan natin kung makakadako tayo.

<sup>86</sup> Sige, heto pong isang ito ay—ay mahaba. At bawat munting bahagi nito na tinanong ng babae o tinanong ng lalaki, o ng sinuman, ay may punto po.

**53. Totoo po ba na ang Panginoong Jesus ay hindi namatay para sa buong sanlibutan, ibig sabihin lahat ng nasa mundo, ngunit sa halip . . .**(ngayon, ipapaliwanag ko 'yan, pero siya . . . ang lalaki o babae, sinuman po ito . . . Mukha pong babaing-sulat) . . . **ngunit sa halip ay sa kanila—sa halip ay sa kanila na nasa bawat panig ng mundo, na ibinigay ng Ama sa Kanya? Sa kanila nga na bago pa ang pagkatatag ng mundo, ay itinalaga na ng Diyos sa Buhay na Walang Hanggan, na mga hinirang ayon sa Kanyang Sariling mabuting kalooban?**

<sup>87</sup> Walang pasubali, tama 'yan! Tama mismo. Namatay si Jesus para . . . hindi lang para . . . Siya'y nilayon.

<sup>88</sup> Sige't tingnan natin, sa tingin ko . . . Sa palagay ko—sa palagay ko may mababasa pang . . . isang tanong na kadugtong ito:

**54. Walang pasubali na sinasabi sa atin ng Kasulatan na may mga hindi—may mga hindi maliligtas. Kaya naman . . .**

<sup>89</sup> Tama po mismo 'yan. Sinasabi sa atin ng Kasulatan na may mga tao na paunang itinalaga ng Diyos sa kahatulan.

<sup>90</sup> Gusto n'yo po bang basahin 'yan, para laging nariyan ito sa isip n'yo? Sige po't, bumuklat tayo ngayon sa Aklat ni—ni Jude, nagsasalita si Jude dito.

*Si Jude, na alipin ni Jesus Cristo, na kapatid ni Santiago, sa kanila na pinagiging banal ng Dios Ama, at iniingatang para kay Jesus Cristo, at mga tinawag:*

<sup>91</sup> Nakikita n'yo kung kanino niya Ito pinararating? Hindi sa makasalanan, hindi basta gawaing pagi-ebanghelyo, bagkus sa mga pinaging banal at tinawag. Kita n'yo, sila na naroon na sa Kaharian.

*Kaawaan sa inyo, at kapayapaan, at pagibig, ay paramihin.*

*Mga minamahal, . . . ako'y totoong nagsisikap ng pagsulat sa inyo tungkol sa kaligtasan nating lahat, ay napilitan akong sumulat sa inyo, na haya't inaaralan*

*kayo...na kayo'y makipaglabang masikap dahil sa pananampalataya na minsanang ibinigay sa mga banal.*

*Sapagka't may ilang taong nagsipasok nang lihim, yaong mga itinalaga nang una pa sa kahatulang ito, . . . (paano?) . . .na pinalitan ng kahalayan ang biyaya ng ating Dios, . . .*

<sup>92</sup> Itinalaga nang una pa! Hindi nga naupo roon ang Diyos sa luklukan, at sinabi, “Ililigtas ko ang isang *ito*, iwawaglit ko naman ang isang *iyang*.” Hindi po ganoon! Namatay ang Diyos, at nung mamatay si Jesus, ang pagtutubos ay sumakop sa buong mundo sa bawat tao. Pero ang Diyos, sa pamamagitan ng paunang kaalaman. . .Hindi dahil sa ginusto Niya. . .Hindi nga Niya gusto na may mapahamak. Ang nais Niya’y maligtas ang lahat. Yun ang Kanyang—’yun ang Kanyang Walang Hanggang layunin. Pero yamang Siya ay Diyos, nalalaman Niya kung sino ang maliligtas at kung sino ang di maliligtas. Kung di Niya kasi alam, kung ganoon hindi Siya sukdulang Diyos. Kaya ’yan ang itinuturo ng Biblia. Na ating. . .

<sup>93</sup> Kung may oras tayo sige’t bumuklat tayo rito sa Mga Taga-Roma, sa ika-8 kabanata, at mababasa n’yo ’yun. Mga Taga-Roma, sa ika-9 na kabanata, marami pang iba’t ibang dako sa Biblia. Mga Taga-Efeso, sa unang kabanata. At makikita n’yo ang paghirang ng Diyos, nang sa gayon tumindig ’yun nang may katiyakan, haya’t ibinigay ng Diyos ang tipan nang walang kondi-kondisyon. Ipinadala Niya si Jesus para mamatay para sa kanila na Kanyang pauna nang nakikilala. Kita n’yo?

<sup>94</sup> Hindi nga ’yung sasabihin, “Buweno, sinasabi mo pala na di alam ng Diyos kung ang babae bang ito’y maliligtas o hindi?” Alam ng Diyos na ikaw ay maliligtas, o kung ikaw ba’y maliligtas o hindi, bago pa man magpasimula ang mundo, o kung hindi’y hindi Siya Diyos.

<sup>95</sup> Alam n’yo ba kung ano ang ibig sabihin ng salitang *walang katapusan*? Tingnan n’yo. . .hanapin n’yo sa diksyunaryo at tingnan n’yo kung ano ang ibig sabihin ng salitang *walang katapusan*. Mangyari nga, na alam Niya ang bawat pulgas na lilitaw rito sa lupa, bawat langaw, bawat niknik, bawat mikrobyo. Alam na Niya bago pa lumitaw ang mga ito, o kung hindi’y hindi Siya Diyos. Tunay, alam Niya. Buweno.

<sup>96</sup> Kaya naman, diyan, hindi maaaring—hindi maaaring sabihin ng Diyos, “Sige’t *ikaw* kukunin Ko, at iparoroon sa impyerno; at *ikaw* kukunin ko, at iparoroon sa Langit.” Nais ng Diyos na kapwa kayo pumaroon sa Langit. Pero sa pamamagitan ng paunang kaalaman ay nalalaman Niya na isa sa inyo ay magiging mapanlinlang, at ang isa naman ay magiging isang ginoo at isang Cristiano. Kita n’yo? Kaya naman kinailangan Niyang ipadala si Jesus, para iligtas ang tao na ’yun na paunang alam na Niya na nagnanais na maligtas. Nakukuha n’yo po ba?

Ngayon tingnan n'yo po rito:

**Walang pasubali na sinasabi sa atin ng Kasulatan na may mga hindi maliligtas.**

55. **Kaya kung sakop ng katubusan ang buong...ang buong lahi ni Adan, at ang iba'y napapahamak dahil hindi nila sinamantala para sa kanilang sarili ang pangako, o ang itinustos, hindi po kaya...mas matim-...malayang... siya kaya'y mas...mas matimbang pa ba ito kaysa sa Walang Hanggang mga plano at mga layunin ng Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat? Hindi po kaya...** (Ang nagtatanong po, sa pangalawang tanong na ito, heto ang katanungan niya.) **Hindi po kaya mas matimbang ang malayang pagpili ng tao kaysa sa Walang Hanggang mga plano at mga layunin ng Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat?**

<sup>97</sup> Hindi, kapatid kong lalaki o kapatid kong babae. Hindi po! Walang mas matimbang na kapangyarihan... Ang kalooban ng tao'y hindi maipapantay sa—sa Walang Hanggang layunin ng katarungan ng Diyos. Hindi maaari, kita n'yo.

<sup>98</sup> Ngayon, 'yung una mong tanong ay tama. Itong pangalawang tanong mo ay hindi, kaibigan. Dahil tingnan n'yo, tingnan n'yo po ang paraan ng pagkakasulat dito, kita n'yo: "Hindi po kaya mas matimbang ang malayang pagpili ng tao kaysa sa Walang Hanggang mga plano at mga layunin ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat?" Naku, tunay na hindi maaari. Papapaanong mas titimbang ang pagpili ng tao kaysa sa layunin ng Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat? At ganoon na lang ba na ang tao sa kanyang karnal na kalagayan na pumili ng anumang gustuhin niya, ay magiging mas matimbang kaysa sa kung ano ang layon ng Walang Hanggang, sakdal na Diyos? Tunay na hindi! Hindi maaari, kita n'yo. Ang Walang Hanggang Diyos, Na ang layunin ay ganap, papaano n'yo masasabi na ang isang—isang karnal na tao rito sa ibaba, kahit na gaano pang matuwid (at siguro nga matuwid ang tao na ito), na ang mga nilalayon ng taong ito ay talagang di maikukumpara rito: sa—sa layon ng Walang Hanggang Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat.

<sup>99</sup> [Isang kapatid na babae ang nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Sige po. ["Pasensya na po. Nais ko lang pong magtanong, at—at namali lang po kayo ng intindi sa ibig sabihin ko ryan."] Sige po, sige, kapatid na babae. ["Ako man ay di naniniwala ryan, pero ang ibig ko lang pong sabihin ay 'Sinaspawan ba ng Walang Hanggang layunin ng Diyos ang malayang pagpili ng tao.'"]

<sup>100</sup> Tama po. Oh, siyanga, namali lang ako—namali lang ako ng pagbasa sa tanong, kita mo. Sige. Oo, ganap na tama ka nga, kapatid. Hindi ko alam na iyong—iyong tanong pala ito. Sige.

Pero, tingnan mo, itong pagkakasulat dito, tingnan n'yo, . . . Ngayon sige't titingnan ko uli, "Sakop ang buong lahi ni Adan, at ang iba'y napapahamak dahil hindi nila pinipili para sa kanilang sarili—kanilang sarili ang itinustos nito, hindi po kaya mas matimbang ang malayang pagpili ng tao kaysa sa Walang Hanggang mga plano at layunin ng Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat?" Kita mo, namali ako—namali ako ng pagkakaintindi sa kaisipan mo rito. Siyanga, ang Walang Hanggang layunin ng Diyos ang Pinaka Makapangyarihan sa lahat. Buweno, 'yun nga 'yun.

<sup>101</sup> Sa palagay ko naman ay naiintindihan na ng lahat. Kung naiintindihan n'yo na, itaas n'yo ang inyong mga kamay. Itong—itong Walang Hanggang layunin ng Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat, tunay nga na ito'y malayong mataas—malayong mataas sa kahit na ano pang kayang gawin ng tao.

Ngayon:

**56. Hindi ko pa nauunawaan ang pagkakapaliwanag sa pagbabautismo sa tubig, sa ika-28 kabanata ng . . . ika-19 na talata, ng Mateo. Ano pong ibig sabihin nito?**

<sup>102</sup> Buweno, ngayon, siguro'y di naman ako aabutin ng isang minuto. At gusto kong may bumuklat sa inyo kasama ko kung gusto n'yo, sa Mateo, sa ika-28 kabanata, at sa ika-19 na talata. At hanapin lang natin, kung ano 'yung binanggit nung nagtanong. . . dalawampu't lima. . . Ngayon, patitibayin nga kayo Nito kung makapapanatili kayo Rito. Ito po'y—Ito po'y napaka inam, kita n'yo. Hindi ito ebangheliko, pero Ito'y. . .

<sup>103</sup> Ngayon tayo'y. . . Ngayon dito nga 'yung pinipilit ng mga tao na sabihin, "May salungatan sa Biblia." Ngayon, gusto kong may bumuklat sa inyo sa. . . sa Mateo 28:19. O, hindi po pala, gusto kong may bumuklat. . . Mateo 28:19. Gusto kong may isa naman na bumuklat sa Mga Gawa 2:38. Nandiyan po ba ang Biblia n'yo, Kapatid na Neville?

<sup>104</sup> At gusto kong kayo mismo ang makabasa nito ngayon. "At may ipakikita ako sa inyong mahigpit na salungatan sa Biblia. At ang sinasabi ng—ng Biblia. . . Sinasabi ng mga tao 'hindi sinasalungat ng Biblia ang Sarili Nito,' Gusto kong isaalang-alang n'yo ito."

<sup>105</sup> At ibinubunsod nga nito na mag-uban ang mga propesor. Pero simple lang Ito—Ito. Ngayon babasahin ko ang Mateo 28:19, sundan n'yo ako. At ang ilan po sa inyo'y sa Mga Gawa 2:38, ihanda n'yo lang. Sisimulan ko sa ika-18 talata, ito po ang pagtatapos na kabanata ng Mateo:

*At lumapit si Jesus sa kanila at kinausap ang kanyang mga ala- . . . sila'y kaniyang kinausap, na sinasabi, Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa*

*ay naibigay na sa akin. (nasaan na kung ganun ang kapangyarihan ng Ama?)*

<sup>106</sup> Kung lahat ng kapangyarihan ng Langit at lupa ay ibinigay kay Jesus, ang Diyos pala’y naging wala nang kapangyarihan kung ganoon nga Siya? O kuwento-kuwento lang Niya ito? Siya ba’y nagbibiro lang? Seryoso Siya Rito! Hindi ba’t naniniwala kayo na seryoso Siya Rito? Buweno, kung ang lahat ng kapangyarihan ay ibinigay sa Kanya, nasaan na ang kapangyarihan ng Diyos kung ganoon? Siya ay Diyos! Eksaktong ’yun nga. Yun nga lang ang tanging paliwanag dito. Yun nga lang ang buong paliwanag dito. Kita n’yo, Siya ay Diyos; o ang nangyari’y may isa na nakaupo roon, na may kapangyarihan noon, pero wala na ang kapangyarihan. Kita n’yo? Kaya di n’yo—di n’yo mapaglalabo-labo Ito. Ganoon din na makukuha natin nang tama ’yung siya ring bagay rito. Sige:

*...Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at lupa ay... sa langit at sa ibabaw ng lupa.*

*Dahil dito magsiyaon nga kayo, . . . turuan ang lahat ng mga bansa, sila’y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo:*

*Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: . . . at narito, ako’y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan.*

<sup>107</sup> Mga Gawa 2:38, ngayon sige’t may magbasa lang po nito. Sandali lang po. Mga Gawa, sa ika-2 kabanata, sa ika-38 talata. Ngayon, pakinggan n’yo pong maigi ngayon, at magtiyaga lang po, at makikita na natin ngayon. Ngayon ito po’y sampung araw lang ang nakalipas matapos na bilinan sila ni Jesus ngayon, sa Mateo 28:19, “Magsiyaon nga kayo, turuan ang lahat na mga bansa, bautismuhan sila sa pangalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo.”

<sup>108</sup> Ngayon, si Pedro, sampung araw pagkatapos nun. . . Hindi sila nangaral ng panibagong pangangaral. Nagtungo sila sa silid sa itaas sa Jerusalem, at naghintay roon (nang sampung araw) sa pagdating ng Espiritu Santo. Ilan ang nakakaalam n’yan? Sa puntong ito. Heto si Pedro, taglay ni Pedro ang mga susi tungo sa Kaharian. Buweno, tingnan natin kung anong ginawa niya. Mateo, o ang ibig kong sabihin Mga Gawa 2, kunin natin ang ika-36 na talata:

*Pakatalastasin nga ng buong angkan ni Israel, na ginawa ng Dios itong si Jesus, na inyong . . . ipinako sa krus, na pawang Panginoon at Cristo.*

“Pawang Panginoon at Cristo.” Hindi nga nakapagtataka, na ang lahat ng kapangyarihan ng kalangitan at lupa ay ibinigay sa Kanya.

*Nang marinig nga nila ito, ay nangasaktan ang kanilang puso, at sinabi kay Pedro at . . . sa ibang mga apostol, Kalalakihan at mga kapatid, anong gagawin namin?*

Sumagot si Pedro. . . *Sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at mangagpabautismo sa pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.*

<sup>109</sup> Ngayon, may salungatan, sabi ni Mateo, “Magbautismo sa Pangalan: Ama, Anak, Espiritu Santo,” at sinabi ni Pedro sa Mga Gawa 2:38, sampung araw pagkatapos, “Mangagsisi kayo, at mabaustimuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo.”

<sup>110</sup> Tapos ang kasunod na pagkakataon na binanggit—binanggit ang pagsisisi, o, bautismo, sa Biblia, ay sa Mga Gawa sa—sa ika-8 kabanata, noong si Felipe ay nagtungo at nangaral sa mga . . . sa—sa mga Samaritano. At tumanggap sila ng Espiritu Santo, at nabautismuhan sila sa Pangalan ni Jesus Cristo.

<sup>111</sup> Yung kasunod na nabanggit 'yun, ay nung tanggapin Ito ng mga Gentil, Mga Gawa 10:49:

*At samantalang nagsasalita pa si Pedro . . . nagsasalita pa ng mga salitang ito, narito, bumaba ang Espiritu Santo sa . . . kanila . . . at nakinig sa salita.*

*Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng mga wika, at nangagpupuri sa Dios. Nang magkagayo'y sinabi ni Pedro,*

*Mangyayari bagang hadlangan ng sinoman ang tubig, yamang nakikita na ang mga ito . . . ay nagsitanggap ng Espiritu Santo na gaya naman natin sa simula?*

*At inutusan niya sila na magsipagbautismo sa pangalan ng Panginoong Jesus Cristo.*

<sup>112</sup> Ngayon may ilalahad lang ako rito, magpapakita lang sa inyo ng kaunting ilustrasyon para di n'yo makalimutan; may ipapakita akong munting pagsasalarawan. Ilalagay ko rito . . . Ilan po ba ang hener-. . . nasyonalidad ng tao sa mundo? May tatlo: lahi nina Ham, Sem, at Japhet. Ilan ang nakakaalam n'yan? Nanggaling tayo sa tatlong anak na lalaking 'yan ni Noe. Ang lahi ni Ham, lahi ni Sem . . . Ang lahi ni Japhet ang mga lahing Anglo-Saxon, ang lahi naman ni Sem ay ang . . . Ang tatlong henerasyon na 'yan, ay: Judio, Gentil, at kalahating-Judio at kalahating-Gentil. Ngayon, pansinin, noong ang mga ito'y . . . at ito nga si Ham . . . Sem, Ham, at Japeth.

<sup>113</sup> Ngayon, ang unang beses na nabanggit ang bautismo sa tubig, ay ipinangusap ni Juan Bautista. Ilan ang nakakaalam na totoo 'yan? Sige, ilalapag ko muna 'yan dito, dito sa bandang dulo rito, si Juan Bautista. At si Juan ay nagbautismo ng mga

tao sa Ilog ng Jordan, iniutos sa kanila na sila'y magsisi at magpakatuwid sa Diyos, at ipagbili ang kanilang mga ari-arian, at pakainin ang mahihirap, at makuntento ang mga sundalo sa suweldo nila, at magpakatuwid sa Diyos. Ilan po ang nakakaalam n'yan? At binautismuhan niya sila sa Ilog ng Jordan, hindi sila winisikan, hindi sila binuhusan, bagkus inilubog sila! Kung di n'yo Ito pinaniniwalaan, heto po ang lexicon, tingnan n'yo nga mismo kung hindi ba't *baptizo* mismo ang nakalagay, na ang ibig sabihin ay "bautismuhan, ilubog, isailalim, ilibing." Ngayon, ang unang beses na nabanggit ang pagbabautismo, ay diyari.

114 Ang ikalawang beses na nabanggit ito, ay iniatas ito ni Jesus, Mateo 28:19.

115 Ang kasunod na beses na nabanggit ito, ay sa Mga Gawa 2:38.

116 Ang kasunod na beses na nabanggit ang bautismo, ay sa ika-8 kabanata ng Mga Gawa.

117 Ang kasunod na beses na nabanggit ang bautismo, ay sa—sa ika-10 kabanata ng Mga Gawa.

118 At sige't dumako tayo sa pagkakataon na sinabi ni Jesus, dito, "Dahil dito'y magsiyaon kayo, turuan ang lahat ng mga bansa, bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, at ng Anak, Espiritu Santo."

119 Ngayon linawin natin ang Kasulatan na ito, unang-una. Sinabi ko na sa inyo noon na "wala ni isang Kasulatan sa Biblia ang magsasalungatan sa isa't isa." Sige nga't magdala kayo sa akin. Lagi ko 'yang sinasabi nang dalawampu't anim na taon na, at wala pa akong nakikita. Walang Kasulatan ang magsasa- . . . Kung Ito kasi'y magsasalungatan, kung ganoon ito'y bagay na gawa-ng-tao. Kaya wala, po, walang pagsasalungatan sa Biblia!

120 Ngayon heto sasabihin n'yo, "Paano naman 'yan?"

121 Heto nga na nakatayo si Jesus na sinasabi, "Magsiyaon kayo kung ganoon, magturo sa lahat ng mga bansa, bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo."

122 At bumaling si Pedro, at sabi, "Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo."

123 "Aba'y hayan ang pagsasalungatan n'yo." Mukha ngang ganoon. Ngayon, kung babasahin n'yo 'yan nang may karnal na pag-iisip, at hindi bukas ang puso, pagsasalungatan ang dating nito.

124 Pero kung babasahin n'yo Ito nang bukas ang diwa, "Itinago ito ng Espiritu Santo mula sa mga mata ng matatalino't pantas," Yan mismo ang sinabi ni Jesus, at pinasalamatan ang Diyos para roon, "at Ito'y inihayag sa mga sanggol nang sa gayun ang mga ito'y matuto sila." Kung mayroon kayong pag-iisip, at



hindi pansariling kaisipan, bagkus malugod na pumapayag na puso para matuto, ituturo sa inyo ng Espiritu Santo ang mga bagay na ito.

<sup>125</sup> Ngayon kung hindi maglalakip . . . Sasabihin n'yo, "Papaano mo malalaman na tama ka?" Buweno, kapag lumalakip 'yun sa iba pa sa Kasulatan. Kung hindi ka ganoon, ang dating nga sa'yo ay lantarang pagsasalungat.

<sup>126</sup> Ngayon gusto ko kayong tanungin ng isang katanungan. Ito ang huling kabanata ng Mateo. Kukunin ko ito sa munting paraan, para ang bawat isa sa inyo. . . maging mga bata'y maintindihan Ito.

<sup>127</sup> Halimbawa, kung magbabasa kayo ng isang kuwento ng pag-ibig, at sa dulo nun sinasabi dun, "At si Mary at John ay nabuhay nang masaya kailanman." Buweno, iisipin n'yo kung sino ba itong si John at Mary na ito na nabuhay nang masaya kailanman. Ngayon, kung gusto n'yong malaman kung sino itong si John at Mary na ito, sisiguraduhin n'yo na babalik kayo sa simula ng aklat at titingnan n'yo kung sino nga ba sina John at Mary. Mangyari nga na babalik kayo rito at titingnan kung sino si Mary, at sa kung anong pamilya siya nanggaling; at kung sino ba si John, at sa kung anong pamilya siya nanggaling, at kung ano ang pangalan niya, at kung papaano sila ikinasal, at lahat ng tungkol dun. Tama po ba?

<sup>128</sup> Buweno, ganyan din ito sa pagbabasa ng Biblia rito. Noong . . . Tingnan n'yo, hindi kailanman sinabi ni Jesus, "Humayo kayo na binabautismuhan ang mga tao sa pangalan ng Ama, sa pangalan ng Anak, at sa pangalan ng Espiritu Santo," sa paraan ng pagbabautismo ng mga trinitarian. Walang Kasulatan para riyang sa Biblia. Hindi Niya kailanman sinabi, "Sa mga pangalan (m-g-a p-a-n-g-a-l-a-n), mga pangalan" ng Ama, Anak, at Espiritu Santo.

<sup>129</sup> Ang sinabi Niya, "Sa (p-a-n-g-a-l-a-n) pangalan," isa. Tingnan n'yo nga sa Biblia n'yo riyang at tingnan n'yo kung hindi ba't ganoon nga, Mateo 28, "Sa *Pangalan*."

<sup>130</sup> Hindi "sa pangalan ng Ama, sa pangalan ng Anak, . . ." ganyan magbautismo ang isang triune na mangangaral. "Sa pangalan ng Ama, sa pangalan ng Anak, at sa pangalan ng Espiritu Santo." Wala nga 'yan sa Biblia.

<sup>131</sup> "Anupa't sa pangalan . . ." Sasabihin n'yo, "Buweno, anupa't sa pangalan ng 'Ama, Anak, at Espiritu Santo.'" Kung ganoon may tiyak na Pangalan nga riyang.

<sup>132</sup> Buweno, ang *ama* ba ay pangalan? Ilan ang nakakaalam na ang *ama* ay hindi pangalan? Ang *ama* ay isang titulo. Ang *anak* ay hindi pangalan. Ilan ang nakakaalam na ang *anak* ay hindi pangalan? Ilan po ang mga ama rito? Itaas n'yo ang kamay n'yo. Ilan po ang mga anak dito? Itaas n'yo ang inyong mga kamay.

Buweno, sino sa inyo ang pangalan ay “Anak”? Sino sa inyo ang pangalan ay “Ama”? Buweno, ang *Espiritu Santo* ay hindi pangalan, ang *Espiritu Santo* ay kung ano nga Ito. Ilan po ang mga tao rito? itaas n’yo ang inyong kamay. Kita n’yo? Hayan nga, ang *Espiritu Santo* ay kung ano nga Ito. *Ama*, *Anak*, at *Espiritu Santo*, wala sa mga ito ang pangalan; wala riyang pangalan.

<sup>133</sup> Buweno, kung ganoon, kung sinabi Niya, “Magbautismo sa Pangalan ng Ama, Anak at *Espiritu Santo*,” kailangan nating bumaling pabalik at tingnan kung Sino ang Ama, Anak, at *Espiritu Santo*. Bumuklat tayo sa unang kabanata ng Mateo kung ganoon, tingnan kung Sino itong Indibiduwal na ito na tayo’y dapat na mabautismuhan sa anong Pangalan. At simulan natin ngayon sa Mateo, sa unang kabanata, at ika-18 talata. Basahang maigi, lahat po kayo.

<sup>134</sup> Ngayon, sa inyo na nagtanong ng katanungan na ‘yan, nais kong bigyan kayo ng kaunting pagsasalarawan dito. Ngayon may tatlong bagay akong ilalagay rito nang sa gayon ay maunawaan n’yong maigi, (isalarawan ko po) gamit itong mga Biblia’t mga libro dito, para isalarawan.

<sup>135</sup> Sige po, gusto kong panoorin n’yo akong maigi, at bawat isa ay subaybayan lang ako ngayon. Ngayon, *ito* rito ang Diyos Ama. *Ito* rito ang Diyos Anak. *Ito* rito ang Diyos *Espiritu Santo*. Ngayon, ilan po ang nakakaunawa? Sige’t sabayan n’yo ako sa pagsasabi. Sino po itong *narito*? [Sinasabi ng kongregasyon, “*Espiritu Santo*.”—Pat.] *Espiritu Santo*. Sino naman itong *narito*? [“Ama.”] Sino itong *narito*? [“Anak.”] Ngayon, ganyan ang paniwala riyang trinitarian, Kita n’yo, na nagpapabunsod sa atin na maging mga hetano, sadya ngang pagano.

<sup>136</sup> Ang Judio; ‘yan ang dahilan at di n’yo makukumbinse ang isang Judio. Sabi niya, “Hindi mo maaaring hati-hatiin ang Diyos sa tatlong piraso at ipresenta Siya sa isang Judio.” Hayan nga’t, hindi uubra, sa akin nga’y di rin uubra. Kita n’yo? Hindi, po. Siya’y isang Diyos. Ganyan mismo. Hindi tatlong mga Diyos. Ngayon pansinin n’yo kung gaanong—gaanong—gaanong kasimple Nito.

<sup>137</sup> Ngayon matutuklasan natin. Ngayon, sino. . . *Ito* po’y Sino? Sige’t puwede kayong sumagot. Diyos Anak. Tama ba? Ito ang Anak. Buweno, kung ganoon ang Kanyang Ama ay Diyos. Tama po ba? Ilan ang naniniwala na ang Kanyang Ama ay Diyos? Itaas n’yo ang inyong kamay. Ilan ang naniniwala na ang Diyos ang Ama ni Jesus Cristo? Sige.

*Ang pagkapanganak nga kay Jesus Cristo ay ganito: . . .*

<sup>138</sup> Ngayon babaling tayo pabalik para alamin kung Sino ang Ama, Anak, at *Espiritu Santo*, na sinabi ng Mateo na “bautismuhan sa Pangalan ng.” Kita n’yo, sa Pangalan; hindi

mga pangalan, dahil hindi maaaring mga pangalan, dahil walang pangalan dun.

*Ang pagkapanganak nga kay Jesus Cristo ay ganito: Nang . . . si Maria na kaniyang ina ay magasawa kay Jose, bago sila magsama, ay nasumpungang siya ay nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Diyos Ama. (Yan ba ang sinasabi ng Biblia? Ano ang sinasabi ng Biblia?) . . . siya ay nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo.*

139 Kung ganoon alin *dito* ang Kanyang Ama? Ngayon, sinasabi ng Biblia na *ito* ang Kanyang Ama, at sinabi ni Jesus na *ito* ang Kanyang Ama. Ngayon, alin Diyan ang Kanyang Ama? Ngayon, kung dalawa ang kanyang ama, ngayon papaano nga ito? Kung dalawa ang Kanyang ama, isa Siyang anak sa labas.

140 Ngayon basahin pa natin:

*At si Jose na kaniyang asawa, palibhasa'y lalaking matuwid, ay ayaw na lantarang ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, bagkus ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim.*

*Datapuwa't samantalang pinagiisip niya ito, narito, ang isang anghel ng Panginoon ay nagpakita sa kaniya sa panaginip, na nagsasabi, Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kaniyang dinadalang-tao ay sa . . . [Sinasabi ng kongregasyon, "Espiritu Santo"—Pat.]*

141 Ano po raw? Espiritu Santo? Buweno, papaano nga mangyayari na ang Ama ang Kanyang Ama, at ang Espiritu Santo ay Kanyang Ama rin nang sabay? Ngayon, ibig sabihin pala'y dalawa ang ama Niya, kung 'yun ang tama. Hindi, po! Ang Espiritu Santo AY Diyos. Ang Espiritu Santo AY DIYOS. Kaya ang Diyos at ang Espiritu Santo ay ang siya ring Persona, o kung hindi'y dalawa ang ama Niya sana.

142 Kita n'yo, nalaman na natin kung sino sina *John at Mary* nga, ilang sandali lang. Buweno, tingnan nga natin kung si Pedro at Mateo ba'y nagsasalungatan sa isa't isa o hindi, tingnan n'yo kung sinasalungat ng Kasulatan ang Sarili Nito. Ang dahilan po'y kakulangan sa espirituwal na pag-unawa. Siyanga.

*Datapuwa't samantalang pinagiisip niya ito . . .*

143 Nabasa ko na 'yan, ang ika-20 talata. Ngayon sa ika-21 na:

*At siya'y manganganak ng isang lalake, . . . (Ang Persona rito, alin kaya rito? Isang Persona, Diyos.) . . . at ang pangalang itatawag mo sa kaniya'y . . . (Ano?) [Sinasabi ng kongregasyon, "JESUS"—Pat.] . . . sapagka't ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan.*

*. . . nangyari nga ang lahat ng ito, upang . . . maganap ang sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi,*

*Narito, ang birhen ay magdadalang-tao at manganganak ng isang lalake, At ang pangalang itatawag nila sa kaniya ay Emmanuel, . . . na kung liliwanagin, ay sumasa atin ang Dios.*

<sup>144</sup> Kaya sino sina *John at Mary* na nabuhay nang maligaya kailanman? Sino Yaon na nagsabi, “Magsiyaon nga kayo, turuan ang lahat na mga bansa, bautismuhan sila sa pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo”? Sino ang Ama? Ang Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo? [May nagsasabi, “Jesus.”—Pat.] Tunay, Ganoon nga. Tunay, walang pagsasalungatan. Wala kahit kaunti. Ipinapaliwanag lang Nitong maigi ang Kasulatan. Siya ang Ama, Anak, at Espiritu Santo. Ang Diyos (Emmanuel) ay nananahan kasama natin, nakatabernakulo sa isang katawan na tinawag na “Jesus.”

<sup>145</sup> Ngayon, ang oneness na pagtuturo ng iglesyang Oneness, tunay po na di ako sumasang-ayon dun, na iniisip na si Jesus ay isa gaya ng daliri mo na isa. Talagang mayroon Siyang ama. Kung Siya’y wala, papaano Siya magiging Sarili Niya rin Mismong ama? At kung ang Kanyang Ama ay isang tao gaya ng sinasabi ng mga Trinitarian, kung ganoon ay ilehitimo ang pagkakapanganak sa Kanya yamang dalawa ang ama Niya. Kaya, nakita n’yo, parehas kayong mali sa ikinakatuwiran ninyo. Kita n’yo?

<sup>146</sup> Pero ang Katotohanan nito, na kapwa ang Ama, Anak, at Espiritu Santo, ay isang Personalidad. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . na nananahan sa tabernakulo ng laman, upang kunin ang kasalanan mula sa sanlibutan. Ganoon nga mismo, “Ang Diyos ay kasama natin.” Ngayon, kaya naman, nung sa Mateo 28:19 . . .

<sup>147</sup> Ngayon, saliksikin n’yo ang mga Kasulatan, at kung makakita kayo ng kahit isang tauhan sa Biblia . . . (Ngayon bulayin n’yo po, ngayon huwag n’yong palampasin lang ito.) . . . kung saan may isang tauhan sa Biblia na nabautismuhan sa pangalan ng “Ama,” at ng “Anak,” at ng “Espiritu Santo,” balikan n’yo ako at sabihin sa akin na ako’y peke, at maglalagay ako ng karatula sa likod ko at lalakad sa buong siyudad. Wala ’yun sa mga Kasulatan, mula Genesis hanggang Apocalipsis man. Anupa’t bawat tauhan sa Biblia ay nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo!

<sup>148</sup> Sasabihin n’yo, “Sandali lang muna, mangangaral. Paano naman si Juan? Hindi Siya nagbautismo sa anumang pangalan!”

<sup>149</sup> Sige, tingnan natin kung anong nangyari; bumuklat tayo sa—sa—sa Mga Gawa, sa ika-19 na kabanata. Diyan nga natin makikita ang mga disipulo ni Juan. Bawat isa nga’t lahat ay

nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, sige't tugaygayin natin ngayon at makikita natin ang grupo na ito rito. Mga Gawa, sa ika-19 na kabanata. At simulan natin ang pagbabasa ngayon, at makikita natin ang mga disipulo ni Juan:

*At nangyari, . . . samantalang si Apolos (na isang abogado, na napagbagong-loob) ay nasa Corinto, pagkatahak ni Pablo ng mga lupaing matataas ng . . . Efeso: nakasumpong siya ng ilang mga alagad, (sila'y mga tagasunod ni Jesus)*

<sup>150</sup> Kung papansinin n'yo ang naunang kabanata bago 'yan, sila'y nagtatamasa ng dakilang panahon na sila'y nagsisigawan at nagbubunyi. Ilan ang nakakaalam na ganoon nga? At sina Aquila at Priscila ay dumadalo sa pagtitipon. At sina Pablo at Silas ay hinagupit at hinubaran, at inilagay sa bilanguan. Tama ba? At nagpunta sila roon, at ang naabutan nila'y sina Aquila at Priscila. At nagkakaroon sila ng rebaybal sa dako roon na pinangungunahan ng isang Baptist na mangangaral, na ang pangalan ay Apolos, na pinatutunayan sa pamamagitan ng mga Kasulatan na "si Jesus ang Cristo." Ngayon naabutan siya roon ni Pablo:

*. . . pagkatahak ni Pablo ng mga lupaing matataas ng . . . Efeso: . . . nakasumpong ng ilang mga alagad,*

*At sa kanila'y sinabi niya, Tinanggap бага ninyo ang Espiritu Santo simula nang kayo'y magsisampalataya? . . .*

<sup>151</sup> Ngayon, minamahal na kaibigang Baptist, kung hindi ba't patutumbahin n'yan ang—ang pinagpapatungan sa ilalim ng *inyong* teolohiya, sa pagsasabi n'yo na "nagsitanggap kayo ng Espiritu Santo *noong* kayo'y manampalataya."

<sup>152</sup> Pero ang itinanong ni Pablo sa mga Baptist na ito, "Natanggap n'yo ba ang Espiritu Santo *simula* nang magsisampalataya kayo?" Ngayon masdan n'yo ang sinabi nila:

*. . . At sinabi nila sa kaniya, hindi man lamang namin alam . . . na mayroon palang Espiritu Santo.*

*At sinabi niya, Kung gayo'y sa ano kayo . . . (ngayon, kung gusto n'yong kunin ang Griyegong lexicon dito, ipapakita nito sa inyo, "Sa paano pala kayo nabautismuhan?") . . . Sa ano . . . kayo binautismuhan? At sinabi nila sa kanya, Sa bautismo ni Juan dito. Binautismuhan kami ni Juan.*

<sup>153</sup> Ngayon gusto ko kayong tanungin: kung nabautismuhan kayo sa ganoon, kayo ba'y makukuntento dun? Hayan nga ang siya ring lalaki na 'yun na umalalay kay Jesus sa paglusong sa ilog, at nagbautismo kay Jesus Cristo, ang siya ring lalaki na 'yun ang nagbautismo sa mga taong ito. Napaka inam ngang bautismo: hindi pagwiwisik, hindi pagbubuhos, kundi

paglulubog pa nga sa matandang maputik na Jordan na siya ring lugar kung saan nabautismuhan si Jesus. Pagkaisipin n'yo 'yun.

154 Sabi ni Pablo, "Natanggap n'yo ba ang Espiritu Santo simula nang manampalataya kayo?" Sila . . . siya . . .

Sabi nila, "Hindi namin alam . . . kung may Espiritu Santo ba."

Sabi niya, "Sa papaano ba kayo nabautismuhan?"

Sinabi nila, "Nabautismuhan na kami."

"Sa papaano kayo nabautismuhan?"

"Kay Juan!"

155 Ngayon masdan n'yo ang sinabi ni Pablo. Masdan n'yo rito:

*At sinabi niya sa kanila, . . . kayo ba'y nabau- . . . Kay Juan . . . At sila . . .*

*At sinabi ni Pablo, Nagbabautismo si Juan . . . ng bau- . . . tungo sa pagsisisi, na sinasabi sa . . . bayan, . . . na sila'y magsisampalataya sa kanya na darating sa hulihan niya, sa makatuwid baga'y, kay Jesus Cristo.*

156 Kita n'yo, nagbautismo lamang si Juan *tungo* sa pagsisisi, pero ang pagbabautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus ay para sa pagpapatawad ng mga kasalanan. Hindi pa noon naisasakatuparan ang pagtutubos, kaya hindi pa puwedeng iwaglit ang mga kasalanan. Ngayon . . . Yun nga'y pagtugon ng konsyensya, gaya ng nasa ilalim ng batas. Lucas 16:16, sabi, "Ang kautusan at ang mga propeta ay hanggang kay Juan, mula noo'y ang Kaharian ay ipinangangaral." Ngayon masdan. Haya't . . . Masdan.

*At si Pablo'y sinasabi sa kani- . . . (ngayon masdan) . . . Natanggap n'yo ba ang . . .*

157 Sa ika-5—ika-5 talata:

*At nang kanilang marinig ito, ay nangapabautismo sila (uli) sa pangalan ng . . . Panginoong Jesus.*

158 Tama po ba? Kung ganoon ang mga taong ito, ang mga tao ng Mga Gawa 2, ay nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus. Ang mga Judio'y nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus. Ang mga Gentil ay nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus. At bawat tauhan sa buong Biblia ay nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus.

159 Ngayon maghanap kayo ng isang dako kung saan may iba na nabautismuhan sa ibang paraan, at ako'y babaling uli rito at ipapakita sa inyo kung saan aminado ang iglesyang Katoliko rito, at sinasabi na dapat daw yuyuko kayo rito. Haya't sabi, "May ilang mga Protestante ang maliligtas dahil mayroon silang mangilan-ngilan na doktrinang Katoliko, tulad ng bautismo sa pangalan ng 'Ama, Anak, at Espiritu Santo'; na ang santo iglesyang Katoliko ay may karapatan daw na

baguhin ang kataimtiman mula sa Pangalan ni Jesus, ginawang 'Ama, Anak, at Espiritu Santo,' at aminado mismo ang iglesyang Protestante rito." Dito'y hindi, nananatili kasi ako sa Biblia. Sinasampalatayanan ko ang Biblia.

<sup>160</sup> Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, inaatasan mo ba ang mga tao na mag-ulit nang pagbabautismo?" Tunay! Ginawa nga ni Pablo, rito.

<sup>161</sup> Ngayon masdan n'yo, kunin natin ang Mga Taga-Galacia 1:8, at tingnan natin kung anong sinabi ni Pablo:

*. . . kahima't kami, o isang anghel na mula sa langit,  
ang mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba . . .  
ay matakuwil.*

<sup>162</sup> Hayan nga, "Kung tayo o isang anghel." At si Pablo, siya ring lalaki na ito, inutusan niya ang mga tao na dapat mabautismuhan muli na kung tutuusin ay may mas mainam na bautismo kaysa sa taglay n'yo, kapatid ko; dahil si Juan Bautista'y Sariling pinsan ni Jesus, pangalawahing pinsan; binautismuhan ang sarili niyang pinsan sa ilog ng Jordan, at bumaling at binautismuhan ang mga disipulo ni Juan. At sabi ni Jesus, "Hindi 'yan uubra!" o sabi Ito ni Pablo, at inutusan sila na magpabautismo muli sa Pangalan ni Jesus Cristo bago nila maaaring matanggap ang Espiritu Santo; matapos na sila'y magsigawan at magpuri sa Diyos at magtamasa ng maluwalhawing panahon, nagtatamasa ng dakilang—dakilang rebaybal, at pinatutunayan sa pamamagitan ng Biblia (sa kanilang teolohiya) na si Jesus ang Cristo. Ilan po ang nakakaalam na 'yan ay Kasulatan? Sa ika-18 kabanata. Tunay nga. Hayan nga. Kaya walang kuwestiyon Dito.

<sup>163</sup> Ngayon hayaan n'yong bigyan ko kayo ng munting mahalagang bagay. Ngayon, siya nga'y hindi nawala sa kaayusan, pero sa Lucas . . . Mateo, sa ika-16 na kabanata. Si Jesus, nung sila'y bumaba mula sa bundok, sabi Niya, "Sino baga ang sinasabi ng tao kung sino Ako na Anak ng tao?"

<sup>164</sup> "May ilan na nagsasabing Ikaw ay 'si Elias,' at may ilan na nagsasabi Ikaw ay ang 'mga propeta,' at ang ilan ay nagsasabi na Ikaw raw ay '*ganito, ganoon.*'"

<sup>165</sup> Sabi Niya, "Datapuwa't Ano ang sinasabi n'yo?"

<sup>166</sup> Sinabi ni Pedro, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay."

<sup>167</sup> Masdan! "Mapalad ka, Simon Bar-jona (anak ni Jonas), dahil hindi Ito inihayag sa iyo ng laman at dugo." Amen!

<sup>168</sup> Kita n'yo, kinakailangan nga Itong manggaling mula sa espirituwal na kapahayagan. Hindi sinabi ng laman at dugo kay Abel na siya'y mali (o si Cain, na siya'y mali), hindi sinabi kay Abel na "mali si Cain." Bagkus isa Itong kapahayagan na mayroon si Abel, "Dugo pala!" Papunta po tayo sa

katanungan tungkol diyan maya-maya. Yun pala'y dugo, hindi mga bungangkahoy, na nagpalayas sa atin mula sa halamanan ng Eden. "Dugo pala," at si Abel, sa pamamagitan ng espirituwal na kapahayagan, inihayag ng Diyos na dugo pala, at siya, "Sa pananampalataya" sabi ng Mga Hebreo 11:1, "naghandog si Abel nang lalong mabuting hain kaysa kay Cain. Na, tinanggap ng Diyos ang kanyang hain." Hayan nga. Kita n'yo, inihandog niya 'yun sa pamamagitan ng pananampalataya, sa pamamagitan ng kapahayagan.

<sup>169</sup> Ngayon masdan, "Laman at dugo ay hindi ito inihayag sa iyo," (tumugaygay sa Panginoong Jesus) "bagkus ang Aking Ama na nasa Langit ay inihayag Ito sa iyo. At sa ibabaw ng batong ito (ang kapahayagan tungkol kay Jesus Cristo). . . Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno ay di magsisipanaig laban Dito." Yan ang sinabi Niya. Espirituwal na kapa-. . . "At sinasabi Ko na ikaw si Pedro, at ibibigay Ko sa iyo ang mga susi sa Kaharian. At ano pa. . . Dahil taglay mo ang isang espirituwal na bukas na lagusan sa pagitan dito at ng Langit. Laman at dugo: hindi n'yo ito nakuha sa seminaryo, hindi n'yo ito kailanman nakuha sa pagi-eskuwela, hindi n'yo ito nakuha sa—sa—sa kursong teolohiya. Bagkus nagdepende kayo sa Diyos, at inihayag Ito sa inyo ng Diyos, at ito'y ganap na malinaw na Mga Kasulatan na ibinibigkis Ito na maglakip-lakip. Sinasabi Ko na ikaw si Pedro, siyanga, at ibinibigay Ko sa iyo ang mga susi; at anumang talian mo sa lupa, Aking tatalian sa Langit; anumang kalagan mo sa lupa, Aking kakalagan sa Langit."

<sup>170</sup> At si Pedro ang naging tagapagsalita noong Araw na 'yun ng Pentecostes, noong lahat sila'y natatakot na magsalita, nagsalita siya't ang sabi, "Kayo na mga kalalakihan ng Judea at kayo na naninirahan sa Jerusalem, ito nga'y maalaman n'yo at makinig sa aking Mga Salita. Hindi sila mga lasing gaya ng ipinapalagay ninyo, yamang ika-tatlong oras pa lang ng araw, pero ito nga iyong ipinangusap ng propetang Joel. 'Mangyayari sa huling mga araw,' sabi ng Diyos, 'Ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman. Ang mga anak ninyong lalaki at babae'y magsisi-propesiya. At sa Aking lingkod na babae, lingkod na lalaki, ibubuhos Ko ang Aking Espiritu. At magpapakita Ako ng mga tanda sa langit sa itaas at sa lupa sa ibaba, at mga haliging usok at singaw. Mangyayari bago ang dakila't kakila-kilabot na Araw ng Panginoon, na sinuman ang tumawag sa Pangalan ng Panginoon ay maliligtas.'" Hayan nga. Oh, ang ganda.

<sup>171</sup> "Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo nang malaya ang tungkol sa patriyarkang si David," sabi niya, "kapwa siya patay at inilibing, at nasa atin ang kanyang libingan hanggang sa araw na ito. Palibhasa nga'y, isang propeta, nakita niya. . . paunang nakita Siya sa Kanyang kanan, 'At di ako matitinag. Bukod dito'y ang Aking laman ay mananahan sa pag-asa dahil hindi



Niya iiwan ang Aking kaluluwa sa impyerno, ni titiisin ang Iyong Banal na Yaon na makakita ng kabulukan.”

<sup>172</sup> “At si David ay kapwa patay,” sabi niya, “at inilibing, at ang kanyang libingan ay nasa atin hanggang sa araw na ito. Pero dahil sa pagiging propeta, paunang nakita niya ang pagdating ng Isa na yaon na Matuwid, na Siyang ginawa ng Diyos na Panginoon at Cristo.” Oh, grabe. Hayan po ang inyong Mga Kasulatan. Hayan po ito. Ito nga.

<sup>173</sup> Ngayon nasumpungan natin dito, kung ganoon, na ang tamang pamamaraan, at ang tunay na pamamaraan, at ang nag-iisang pamamaraan na itinalaga... At nakay Pedro ang mga susi, at nung araw na 'yun noong siya'y mangaral, sabi nila... Ngayon masdan, heto po ang unang Iglesya. Kayo na mga Katoliko pakinggan n'yo Ito. Kayo na mga Campbellite pakinggan n'yo Ito. Kayo na mga Baptist at mga Methodist pakinggan n'yo Ito. At kayo na mga Pentecostal pakinggan n'yo Ito. Church of God, mga Nazarene, Pilgrim Holiness, pakinggan n'yo Ito.

<sup>174</sup> Nakay Pedro ang mga susi, at siya'y may kapamahalaan, o kung hindi'y nagsinungaling si Jesus. At napaka imposible para sa Kanya na magsinungaling, “dalawang bagay na di-nababago, di maaaring magbulaan ang Diyos.” Nasa kanya ang mga susi. Ibinigay ni Jesus sa kanya ang mga susi. Noong Siya'y bumangon sa—sa ikatlong araw gaya nun, nasa Kanya ang mga susi ng kamatayan at, impyerno, pero hindi ang mga susi ng Kaharian. Nakay Pedro! Hayun nga mismo.

<sup>175</sup> At masdan n'yo, Pedro, nasa sa iyo ang mga susi't nakasukbit sa iyong tagiliran, at nangangaral ka. Heto ang tanong, ng unang mga naakay ng bagong iglesya. Ng unang Iglesyang Cristiano. Ngayon Katoliko, ngayon Baptist, Methodist, Presbyterian, kayo ba'y nasa doktrina ng Bagong Iglesya? Tingnan n'yo kung nariyan kayo.

...Kalalakihan at mga kapatid, anong gagawin namin?

...si Pedro ay tumayo at nagsabi... *Mangagsisi kayo, ... bawat isa sa inyo...* (mag-ingat ka, siyanga; kung paano mo iposisyon ang mga susi na 'yun, sa ganung paraan din iposisyon 'yun ni Cristo sa Langit) ... *Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa pangalan ni Jesus Cristo...* (sa ganitong paraan nga kayo makapapasok Dito) ... *sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.*

<sup>176</sup> Ang mga susi nga'y “kumakalansing” dito, at “kumakalansing” Doon. Yan ang dahilan kung bakit kinailangang magpunta ng mga disipulo ni Juan at mabautismuhan muli, uli, sa Pangalan ni Jesus Cristo (bago

sila tutungo sa Langit), tanggapin muna ang Espiritu Santo. Sadyang tinutupad ni Jesus ang Kanyang Salita. Kaya hindi kayo malilito rito ngayon, siyanga ba? Kita n'yo? Tunay, ang Mateo 28:19 ay mga titulo, hindi Pangalan.

<sup>177</sup> Buweno, ilang oras na lang ba ang natitira sa atin? Puwede bang magdagdag tayo ng labinglimang minuto pa para sagutin itong dalawa pang katanungan dito nang mabilis? Puwede po ba? Sige, bibilisan na lang natin ito. May dalawa pa ako rito sa ibaba, na gusto kong dakuan nang mabilis, kadugtong po kasi ito rito, kung magagawa ko. Tapos itatabi ko na lang po muna ang iba para sa Linggo ng umaga.

**57. Si Cain po ba'y anak ng serpiyente?** (Ang ganda pong tanong ito.) **Kung ganoon po, bakit hindi nagbuntis si Eba bago siya kilalanin ni Adan?**

Pareho . . . Ang kasunod na tanong ay pareho po:

**58. Literal po ba—literal po bang puno ang pinagkainan ni Eba ng bunga? Nakita niya po kasi na iyon ay mainam kainin.**

<sup>178</sup> Buweno, kapatid na lalaki, kapatid na babae, kung sino man po ito, bumalik tayo sa Genesis at tingnan natin ang isang bagay rito. Bumalik tayo sa Genesis 3:8, kung magagawa n'yo. Sige po, at makinig nang maigi ngayon.

<sup>179</sup> Ngayon ilalahad ko po ang kuwento. Noong una'y ganap na dalisay at banal, walang kasalanan o pagkasalaula man. Ngayon tatalakayin ko ang . . .iyong . . .itong unang tanong muna. Ang puno sa buhay . . .sa gitna ng halamanan, sa gitna ng puno. Ang *puno* ay “ang babae.” Ngayon patutunayan ko 'yan sa inyo sa pamamagitan ng mga Kasulatan kung kayo po'y makapaghihintay nang ilang minuto.

<sup>180</sup> Unahin po muna natin kung ang babae . . .kung ang babae ba'y nagbuntis bago niya makilala si Adan o hindi, o bago . . . Pakinggan n'yo:

*At narinig nila ang tinig ng PANGINOONG Dios na lumalakad sa halamanan, at sa kulimlim ng araw: at nagtago si Adan at ang kaniyang asawa sa harapan ng PANGINOONG Dios sa pagitan ng mga punong kahoy sa halamanan.*

*At tinawag ng PANGINOON . . .si Adan, at sinabi . . .Saan ka naroon?*

*At sinabi niya, Narinig ko ang iyong tinig sa halamanan, at ako'y natakot, sapagka't ako'y hubad; . . . (ngayon, hindi niya 'yan nalalaman noong isang araw bago 'yun; may bagay na nangyari, may kung anong bagay na naghayag sa kanya na siya'y hubad) at ako'y nagtago.*

*At sinabi niya, Sinong nagsabi sa iyong ikaw ay hubad? Ikaw ba'y nakakain ng bunga ng punong kahoy, ...?*

<sup>181</sup> Yung pagkain mula sa punongkahoy ang nagpatanto sa kanya na siya'y hubad? At lagi ko pong sinasabi, (hindi po ito biro, hindi ko sinasabi ito bilang biro) "Pero kung ang pagkain ng mansanas ang nagpapatanto sa mga kababaihan na sila'y hubad, kailangan palang mag-alok uli tayo ng mga mansanas." Kita n'yo? Hindi kahubaran. Hindi 'yun punongkahoy, na isang mansanas na kinain nila, 'yun po'y seksuwal na paniniig. Masdan:

*. . . Ikaw ba'y nakakain ng bunga ng punong kahoy, na iniutos ko sa iyong huwag mong kanin?*

*At sinabi ng lalake, Ang babae na iyong ibinigay sa akin, na aking kasamahin, ay siyang nagbigay sa akin. . . ng punong kahoy, at aking kinain.*

*At sinabi ng PANGINOON. . . sa babae, Ano itong iyong ginawa? At sinabi ng babae, Dinaya ako ng serpiyente, . . . (huh?) . . . Dinaya ako ng serpiyente, at ako'y kumain. (bago pa nga siya nagbuntis, kita n'yo, ng kay Adan)*

<sup>182</sup> At kinilala siya ni Adan, at siya'y nagbuntis at ipinanganak— at ipinanganak si Abel.

<sup>183</sup> Pero gusto kong tanungin kayo, mula sa literal na pananaw. Ngayon para patunayan sa inyo na siya'y punongkahoy, bawat babae'y isang punongkahoy na nagbubunga. Ilan po ang nakakaalam n'yan? Hindi ba't bunga kayo ng inyong nanay? Tunay, kayo nga. "At sa gitna ng bunga, o sa gitna ng puno, ang bunga na di niya dapat hipuin."

<sup>184</sup> Kung mapapansin n'yo, hindi ba't si Jesus ang Punongkahoy ng Buhay? Hindi ba't ipinangako Niya 'yan sa San Mateo, o, sa San Juan, sa ika-6 na kabanata, "Ako ang Tinapay ng Buhay na nagbuhat sa Diyos mula sa Langit"?

<sup>185</sup> Kung ang isang lalaki'y kumain mula sa isang babae. . . At tingnan n'yo, sa panganganak ng . . . dahil sa babae, lahat tayo'y mamamatay; dahil tayo'y saklaw ng kamatayan (tama po ba?) sa pamamagitan ng panganganak ng isang babae. Sa panganganak ng isang lalaki, lahat tayo'y mabubuhay magpakailanman. Ang babae ang punongkahoy ng kamatayan, ang lalaki ang punongkahoy ng buhay; dahil ang babae'y hindi nagdadala ng buhay sa ganang kanya. Ganoon po. Ang—ang binhi ng buhay ay nanggagaling sa lalaki, tama. Pupunta sa babae, at ang babae nga'y wala nang iba't isang inkubador lang; at hindi siya konektado sa bata, maliban lang sa pusod. Wala ni munti man na dugo ng nanay ang nasa sanggol; ipinanganak sa dugo ng nanay, haya't wala nga ni munti man na dugo sa sanggol. Sige't

isangguni n'yo. . . o basahin n'yo ang libro ng doktor, o tanungin n'yo ang inyong doktor, makikita n'yo. Wala 'yun doon, wala, nga, ni kaunti man lang nun. Ang babae nga'y itlog lamang, siyanga. At ang buhay ay nanggagaling sa lalaki.

<sup>186</sup> Yan po'y magandang tipo na nagpapakita na sa pamamagitan ng babae, sa pamamagitan ng natural na kapanganakan, lahat tayo'y mamamatay, dahil tayo'y patay sa simula't sapul; at sa pamamagitan lamang ng Lalaki na si Cristo Jesus tayo mabubuhay. At may dalawang punong kahoy sa halaman ng Eden. Nakikita n'yo ba?

<sup>187</sup> At masdan! At nung araw na 'yun may inilagay na Kerubin para bantayan ang punongkahoy na ito. Na kung matitikman nila ang Punongkahoy ng Buhay, silang lahat ay mabubuhay magpakailanman. Ilan po ang nakakaalam n'yan? Lahat sila'y mabubuhay magpakailanman. At ang unang beses na matitikman na sana nila. . . Ang sabi ng Anghel, "Babantayan namin Ito." At naglagay roon ng mga Kerubin na may nag-aapoy na mga espada sa direksyon ng silangan para bantayan Ito. Dinala nila Ito sa Silangan, at binantayan ang Punongkahoy gamit ang mga nag-aapoy na mga espada para hindi sila makapasok at malapitan Ito (itong Punongkahoy).

<sup>188</sup> At nung dumating si Jesus, sabi Niya, "Ako ang Tinapay ng Buhay, na kung may tao na kakain ng Tinapay na ito ay hindi mamamatay." Hayan nga ang Punongkahoy n'yo.

<sup>189</sup> Hayan ang inyong babae, hayan ang seksuwal na paniniig na nagdadala ng kamatayan. Kung papaano ngang tiyak na may seksuwal na pagnanasa, may kamatayan na iniwan ito. At kung papaano ngang tiyak na may espirituwal na kapanganakan, may Buhay na Walang Hanggan na iniwan Ito. Dumating ang kamatayan sa pamamagitan ng panganganak ng isang babae, at ang Buhay ay dumating sa pamamagitan ng panganganak ng isang Lalaki. Amen! Hayan nga.

<sup>190</sup> Ngayon bumalik tayo kay Cain. Masasabi n'yo ba sa akin kung saan nanggaling ang espiritu na 'yun at 'yung hamak na ugali na 'yun? Kung si Cain. . . tingnan n'yo, kung si Cain ay anak ni Adan na anak ng Diyos, saan nanggaling ang kasamaan na 'yun? Ang unang bagay nung siya'y ipanganak, siya'y namuhi, siya'y isang mamamatay-tao, siya'y nainggit. At ngayon tingnan n'yo ang kalikasan ng kanyang tatay, sa umpisa mismo sa simula, si Lucifer, at siya nga sa pasimula. . . siya'y nainggit kay Miguel, na siyang nagpaumpisa ng buong kaguluhan. Ilan po ang nakakaalam n'yan? At si Cain ay kalikasan ng kanyang ama, na haya't nainggit siya sa kapatid niya at pinatay ito. Ang dalisay. . . hindi kasi maaaring manggaling ang kalikasan na 'yun mula sa dalisay na lahi. Nanggaling 'yun. . . kinailangan na manggaling 'yun sa isang binaluktot na lahi. At pansinin n'yo si Cain, noong siya'y ipanganak.

<sup>191</sup> At pagkatapos si Abel ay ipinanganak kasunod niya, pagkatapos ang babae'y nanganak sa pamamagitan ni Adan, at kinilala niya—kinilala niya at ang babae'y nanganak ng isang anak na si Abel. At si Abel ay tipo ni Cristo; at nung—nung si Abel ay pinatay, si Set ang humalili sa kanya; kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, sa tipo.

<sup>192</sup> Pero, ngayon, sumamba si Cain; lahat nitong karnal niya na mga gawa, gaya mismo ng karnal na iglesya sa panahon ngayon: nagpupunta sila sa simbahan, sumasamba sila. Sumamba si Cain; hindi siya isang ateista, hindi siya isang komunista. Si Cain ay isang mananampalataya; dumulog siya sa Diyos, nagtayo siya ng dambana. Ginanap niya ang bawat relihiyosong bagay na ginawa ni Abel, pero wala siyang espirituwal na kapahayagan ng kalooban ng Diyos. Mapagpala ang Pangalan ng Panginoon! Hayan nga. Nakikita n'yo ba Ito? Wala siya nung espirituwal na kapahayagan, at 'yan na 'yan ang problema sa kaiglesyahan ngayon. At sinabi ni Jesus na Kanyang itatayo ang Kanyang Iglesya sa espirituwal na kapahayagan na 'yun. Nakukuha n'yo ba Ito? Oh, grabe, ang mga mata n'yo nga'y maaaring mabuksan na ngayon. Kita n'yo, ang espirituwal na kapahayagan.

<sup>193</sup> Dumulog si Cain: nagtayo siya ng dambana, sumamba siya, nagdala siya ng alay, lumuhod siya, pinuri niya ang Diyos, sinamba niya ang Diyos, ginanap niya mismo ang bawat relihiyosong gawa na ginawa ni Abel. At tahasang tinanggihan siya ng Diyos dahil wala siya nung espirituwal na kapahayagan!

<sup>194</sup> Tugaygayin n'yo ang siya ring lahi ni Cain: hanggang doon sa daong, mula sa daong hanggang sa Israel, mula sa Israel hanggang sa panahon ni Jesus, at mula sa panahon ni Jesus hanggang sa panahon ngayon; at tingnan n'yo kung hindi ba't ang karnal, na pundamental na iglesya'y, matigas at pormal, paham, ang ibig kong sabihin ay mga kalalakihan na taglay ang mga Kasulatan, na kabisado ang lahat na mga doktrina't mga teolohiya, nagagawa nilang ipaliwanag ito, hayan nga, na parang *ganoon*, pero walang espirituwal na kapahayagan! [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang mga daliri—Pat.] Ganoon nga. Yan ang doktrina ni Cain.

<sup>195</sup> Sinabi ng Biblia, “Sa aba nila! dahil nagsilakad sila tungo sa turo't aral ni Cain, nagsidaluhong sa mga kamalian ni Balaam, at nangapahamak sa pagsalangsang na sabi-sabi ni Korah.” Doon din sa Aklat na ito, ni Jude, sabi niya, “Paunang itinalaga na sila sa kahatulan na ito.” Tunay, sila nga. Kita n'yo? Ano si Balaam? Isa siyang obispo. Siya'y namumuno sa buong iglesya. Tumindig siya roon na talagang napakapundamental. Naghandog siya...Tingnan n'yo nga siya na nakatayo roon na parang isang tanyag na tao, tumayo roon sa kalipunan ng kanilang katanyagan. At di nga sila mga di-naniniwala sa Diyos, sila'y mga mananampalataya.

<sup>196</sup> Ang—ang lipi na 'yun ni Moab ay nanggaling sa anak na babae ni Lot. Si Lot na nanahan . . . ang anak na babae ni Lot na nanahan kasama ang kanyang tatay, at nagbuntis at nanganak ng isang sanggol, at ang sanggol na 'yun . . . ang pinanggalingan ng lipi ng Moab. At sila'y malaking denominasyon mismo. Tanyag, na mabulaklak na mga tao, at sila'y may mga prinsipē't mga hari at mga kilalang tao. May mga obispo sila't mga kardinal at lahat na.

<sup>197</sup> At heto na may grupo ng mga holy roller na paparating dun, 'yung kabilang grupo, ang Israel; isang mumunting grupo na di-matatawag na denominasyon, interdenominasyunal. At nagawa nila ang lahat na ng magagawa mismo sa mapa, na masasama rin. Pero ano't anumang, taglay nila ang espirituwal na kapahayagan, at ang Diyos ay kasama nila sa isang Haliging Apoy.

<sup>198</sup> Oh, alam ko—alam ko na may mga karnal na bagay sila, at sinabi ng mga tao, "Aba'y mga grupo lang sila na di-kagandahan ang reputasyon, wala nang ibang puwedeng gawin sa kanila kundi sipain sila palabas." Pero taglay nila ang espirituwal na kapahayagan, at taglay nila ang hinampas na Bato, taglay nila ang ahas na tanso, taglay nila ang Haliging Apoy na sumasama-sama sa kanila. Hallelujah! Alam ko na iniisip n'yo—iniisip n'yo na sobra akong napupukaw, pero hindi po. Sadya lang pong mainam ang pakiramdam ko.

<sup>199</sup> Pansinin! Sa tuwing nabubulay ko, "Na ang siya ring Diyos na 'yun, ngayon, ay nabubuhay sa atin." Yun nga'y nananatiling espirituwal na kapahayagan ng Salita. Tunay, 'yun nga. Yun nga'y Walang Hanggang tama. Purihin ang Pangalan ng Panginoon! Siyanga, po.

<sup>200</sup> Heto nga na itinindig nila siya roon, na isang pundamental; 'yung grupo na 'yun ng mga Baptist at mga Presbyterian ay nakatayo sa may burol, at naroon sa unahan nila ang kanilang obispo. At sila'y ganoon ding karelihiyoso, at taglay ang siya ring klase ng relihiyon, sumasamba sila sa siya ring Diyos. Sabi nila, "Tingnan n'yo ang grupo na 'yan ng mga patapon. Aba, wala man lang silang denominasyon. Wala nga silang kuwenta't sangkumpol lang ng mga ngumangawa-ngawa, sumisigaw-sigaw, na mga holy roller."

<sup>201</sup> Tama po ba? Mismo, hayan nga. Kung hindi kayo naniniwala na sila'y mga holy roller, bumalik kayo sa Genesis at tingnan n'yo nung panahon na tumawid sila. At may himala na pinangyari, at kumuha si Miriam ng tamborin at nagbalik sa may pampang, na pinatutunog 'yun; nagsasayaw sa Espiritu, at si Moises ay umaawit sa Espiritu. Kung hindi ba't grupo 'yun ng tinatawag nating malayang . . . mga holy roller, hindi ko alam kung ano pang matatawag n'yo; nag-aawitan at naglulundagan at nagpupuri. At sa tuwina kinamumuhian sila ng mga bansa,

pero kasama nila ang Diyos. Taglay nila ang espirituwal na kapahayagan, sinusundan ang Haliging Apoy.

<sup>202</sup> Tapos sabi ng Moab, “Ngayon, tingnan n’yo rito. Ipatatawag natin ang lahat na mga kardinal at lahat na mga obispo, at lahat na mga presbitero, at papupuntahin sila rito. May gagawin tayo laban dito, dahil tayo’y relihiyosong bansa. Hindi natin hahayaan na mahalo ang propaganda na ’yan sa mainam nating denominasyon.”

<sup>203</sup> At kaya pinapunta nila sila roon. At nagtayo sila ng labing-dalawang dambana; eksakto kung ano mismo mayroon ang Israel, labing-dalawang dambana. Naglagay sila roon ng labing-dalawang handog, na baka; eksakto kung ano mismo ang ginawa ng Israel, na bagay na hinihingi ng Diyos. Naglagay sila ng labing-dalawang tupa roon, na sumasagisag sa pagparito ng Panginoong Jesus Cristo; labing-dalawang tupa sa kapwa dako.

<sup>204</sup> Lahat ng mga bantog na tao, mga obispo’t lahat, nakatayo sa paligid nun. Sinindihan nila ang alay. Nanalangin sila, itinaas nila ang kanilang mga kamay kay Jehovah at sabi, “Jehovah, dinggin Mo kami!” Ano ’yung sinisikap nilang gawin dun? At hayan nga ang matanda nilang si Balaam na lumapit dun nang paganoon, at bumaba sa kanya ang Espiritu. Tunay (pero siya nga’y karnal).

<sup>205</sup> Ang Espiritu nga’y maaaring bumaba sa isang mapagkunwari, sabi ng Biblia. Napakinggan n’yo na akong naituro na ’yan, ngayon. “Ang ulan ay bumubuhos sa matutuwid at di-matutuwid.” Pero kinakailangan nga na maihambing ’yun sa Salita, diyan n’yo nga ’yun malalaman.

<sup>206</sup> Tapos nung ginawa na niya ito, at ang . . . noong ang Espiritu, siyanga, na nasa kanya’y sinabi ang Katotohanan, susumpain niya sana ang Israel, at heto’t pinagpala niya ang Israel.

<sup>207</sup> Ngayon, kung basta lang isinasaalang-alang ng Diyos ang isang mainam na iglesia, at isang mainam na obispo, at isang kahanga-hangang pastor, isang grupo ng aral na mga tao, nakatali sana Siya sa tungkulin na tanggapin ang hain na ’yun, dahil ang tao na ’yun ay pundamental na tama kung papaano na tama ang Israel; pero siya nga’y walang espirituwal na kapahayagan ng Salita at ng kalooban ng Diyos. Hayan nga, ’yan ang pagkakaiba ngayon.

<sup>208</sup> Tingnan n’yo si Jesus. Sabi nila, “Layuan n’yo ang taong ’yan. Alam namin na siya’y Samaritano. Siya’y baliw. Ikaw ba ang magtuturo sa amin? Buweno, ipinanganak ka nga sa pangangalunya. Ikaw ay wala nang iba kundi isang anak lang sa labas. Sino ba ang tatay mo? Sinasabi mo na ang Diyos ang ama mo, namumusong ka! Aba, sinasabi mo ba sa amin? Matagal na kaming mangangaral, matagal na kaming obispo; na ang aming pinaka lolo ng lolo ng lolo ng lolo ng lolo ng lolo ng lolo ng lolo ay mga mangangaral at obispo rin. Ipinanganak pa nga

kami't pinalaki sa simbahan. Ipinag-aral kami sa pinaka mataas mismong mga seminaryo. Kabisado namin ang bawat Salita hanggang sa pinaka letra. At kami pa ang tuturuan mo? Saang eskuwelahan ka ba nagtapos? Saan mo nakuha ang kaalaman mong ito?"

209 Sabi Niya, "Kayo'y sa...inyong ama na diyablo," sabi ni Jesus.

210 Wala silang mga tanda't mga kababalaghan sa kalagitnaan nila. Wala silang Makalangit na mga pagpapagaling at ganoong mga bagay sa kalagitnaan nila. Wala silang mga pagpapala sa kalagitnaan nila. Pero si Jesus nga'y ganap na espirituwal na kapahayagan ng Mga Kasulatan.

211 Sabi nila, "Aba, nasusulat na *ganito-at-ganoon*."

212 Tapos sabi ni Jesus, "Oo, at nasusulat din naman." Pero pinatotohanan ng Diyos ang Kanyang tao sa pamamagitan ng kanyang mga tanda.

213 Sinabi ni Pedro ang siya rin, sa Mga Gawa 2, sabi niya, "Kayo na mga kalalakihan ng Israel; si Jesus ng Nazaret, isang Lalaking pinatunayan ng Diyos sa kalagitnaan ninyo, sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan na ginawa ng Diyos sa pamamagitan Niya sa kalagitnaan, at lahat kayo'y nalalaman 'yan." (hayan nga) "Siya'y dinala sa...sa pamamagitan ng pau-...sa harapan ng malaking Konseho ng Sanedrin sa dako roon. Pero sa paunang kaalaman ng Diyos, itinalaga na Siya ng Diyos noong una pa lang na mamatay ng ganitong kamatayan. Dinala n'yo Siya sa malulupit at masasamang kamay. Ipinako n'yo sa krus ang Prinsipe ng Buhay, Na ibinangon ng Diyos. At kami'y mga saksi nito."

214 Whew, grabeng mangangaral! Hindi...kahit di nga niya kayang ilagda ang sarili niyang pangalan, hayan nga na nakikilala naman niya ang Diyos. Sabi nila sila'y "nakinig sa kanya na siya'y nakasama ni Jesus." Tunay, isa 'yung espirituwal na kapahayagan. Oh, grabe. Ngayon, hayan nga.

215 Si Cain ay nasa ganyan ding salinlahi, ang karnal na iglesya'y nasa siya ring salinlahi na 'yun sa panahon ngayon. Ang Espirituwal na Iglesya'y tinataglay pa rin ang Haliging Apoy, tinataglay pa rin ang mga tanda't, mga kababalaghan, tinataglay pa rin ang siya ring Cristo; na pinatotohanan mula pa roon sa naghihingalong kordero, at sa halamanan ng Eden, hanggang sa ikalawang Pagparito ng Cordero. Ganap na ganap, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

216 At 'yung salinlahi ni Cain, relihiyoso at pino at aral, ganoon na ganoon; parehong-pareho, sa bawat panahon ay pareho. Manlilibak at mang-uusig, na gaya noon ni Cain kay Abel, kaya ganoon din sila sa panahon ngayon, at kung papaano noon ay haya't ganoon lagi; karnal, mga di-mananampalataya. Siyanga.



217 Ngayon Genesis 3:8, at isinama ko na rin 'yung 20 rito, tinitingnan ko po kanina:

*At tinawag ni Adan...At tinawag ni Adan ang kaniyang asawa...na Eva; sapagka't siya ang naging ina ng lahat ng mga nabubuhay. (kita n'yo, ito nga'y pagkatapos nung panlilinlang)*

218 Si Cain ay...“Ngayon sandali!” Sasabihin n'yo, “Papaanong ang isang ahas, ang isang serpiyente?”

219 Pero, kapatid, masdan n'yo rito, hindi sinabi ng Biblia na siya'y ahas; sinabi ng Biblia, “Siya ang pinaka tuso sa lahat ng mga hayop sa parang.” Hindi siya reptilya, isa siyang hayop sa parang. Isa siyang... At doon...

220 At hayaan n'yong ilahad ko ito sa inyo bilang munting katibayan sa pagitan natin, kung mamarapatin n'yo. Diyan nga nagkakalabo-labo ang siyensiya. Ang pinaka malapit sa tao na mahahanap nila, ay isang tsimpanse. Ilan po ang nakakaalam n'yan? Pero mayroon pang mas nasa pagitan nun. Hindi nila maitugma ang mga buto ng tsimpanse sa mga buto ng tao, gayong 'yun na ang pinaka malapit. Nagagawa nilang ihambing sa isang ulo-ulo. Nagagawa nilang ihambing sa isang butete. Nagagawa nilang ihambing sa hayop at bawat hayop. Nagagawa nilang ihambing sa isang oso. Kumuha kayo ng isang oso at tanggalin n'yo ang balat nun, mukha nga 'yung munting taong babae. Pareho. Ihambing n'yo roon at lahat, itayo sila roon, at balatan 'yun babae na parang...o itayo roon ang babae nang paganoon. Parehong-pareho nga sa isang—parang isang—parang isang oso. Yung tugaygay ng paa'y pareho, at 'yung tugaygay ng kamay ay paganoon, parang tao mismo. Pero pinaka malapit nga ang tsimpanse. Halos 'yun na 'yun, pero di nila makita 'yung pinaka malapit talaga.

221 Heto po ang isang munting lihim, kung gusto n'yong malaman ito. Alam n'yo ba kung nasaan 'yun? Nakatago 'yun mula sa kanila. Hukayin man nila ang lahat ng mga buto na mahuhukay nila. Maghukay man sila nang maghukay... Maghukay man ang mga iskultor, at ang siyensiya, at 'yung at 'yung kronolohista'y susukatin man ang sukat ng panahon gamit ang mga atomikong panukat, pero di nila 'yun matutukoy. Dahil 'yun nga'y ang serpiyente na kahalintulad na kahalintulad ng tao kaysa sa ano pa sa ibabaw ng lupa, at sinumpa ito ng Diyos at pinagapang sa kanyang tiyan, at siya'y pinaging isang ahas na wala nang anumang kahalintulad sa isang tao. Ngayon magkakamot-ulo nga rito, ang mga siyentipiko, at aabutin sila nang matagal sa bagay na ito.

222 Pero dinedeklara 'yan mismo ng Biblia, “Siya ang pinaka tuso sa lahat ng mga hayop sa parang.” Ganoon nga. Siya 'yung tulay na 'yun na nakatayo sa pagitan ng tao at ng unggoy, at sinumpa siya ng Diyos at pinagapang sa kanyang tiyan dahil sa—

sa bagay na ginawa niya. Nilinlang niya ang babaing ito, at ang babae'y nagsilang ng una niyang anak na lalaki na si Cain, na ayon sa kalikasan ng mismong inspirasyon ng serpiyente, ang diyablo, na pumasok doon sa serpiyente, na gumawa nun.

<sup>223</sup> At pagkatapos ang babae'y nagbuntis at nagsilang, siya'y nagbuntis uli matapos na siya'y malinlang. Ngayon masdan, ang babae'y nilinlang, siya'y halos... Buweno, ang babae'y nakagawa ng pagkakamali. Pero siya, kung tutuusin, ay lehitimo noong siya'y magbuntis sa pamamagitan ng kanyang asawang lalaki, pero 'yun nga'y maaaring maraming, maraming panahon pagkatapos, maraming mga buwan at maraming mga buwan pagkatapos na nun; hindi natin masabi, hindi kasi natin alam, pero ang babae nga'y nagsilang ng kay Adan.

<sup>224</sup> At may iba nga magtatanong, sasabihin, "Buweno, ang anak na lalaking 'yun... sinabi ng lalaki na ang babae'y... Noong ipanganak si Cain, ang sabi ng babae'y 'galing ang anak na ito sa Panginoon.'" Walang pasubali, tunay nga, marapat lang. Yun kasi ang batas ng kalikasan. Ganyan nga rin ang pamamaraan sa inyo ngayon. Noong ipanganak kayo, hindi naman bumaba ang Diyos para gawin kayo. Kayo'y nanggaling sa inyong tatay at nanay. At kayo nga'y... magkakaroon nga... ang mga magiging anak n'yo nga'y manggagaling sa inyo. Hayan nga't pagpaparami sa pagdatal ng panahon, sa pagtugaygay, katulad ng mga binhi ng punongkahoy at mga bagay na gaya nun; hayan nga't babalik sa orihinal. Umaasa ako na naipaliwanag nito ito.

<sup>225</sup> Gaano pang karaming oras ang mayroon pa tayo? Mayroon pa ba. Sige't pakinggan n'yo itong isa na ito para sa susunod... na tatalakayin natin sa Linggo: "Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayong lahat ay binautismuhan sa iisang Katawan..." (Gusto nga nating malaman 'yan.) "...Cristo." Sa panahon na 'yun... Ngayon, sa palagay ko may ilan akong Mga Kasulatan, maiinam na kasulatan patungkol sa bagay na 'yan [Sinasagot ito ni Kapatid ni Branham sa Bahagi II, talata 361, bilang tanong 60—Pat.].

<sup>226</sup> Heto ang isang mainam, na parang... Ayos lang ba sa inyo kung gugugol ako ng isa pang minuto o dalawa, para sagutin ito? Narito na nga mismo ang sagot nito.

**59. Sa—sa inyo pong sinasabi na “ang masasama ay hindi susunugin nang Walang Hanggan,”... (Buweno, ngayon naibunsod ko yata na umiwas ang Jehovah Witness dahil dito, siyanga ba?) ...Sa inyo pong sinasabi na ang masasama ay hindi susunugin nang Walang Hanggan, ang ibig mo po bang sabihin ay sa impyerno o sa dagat-dagatang apoy? Alam ko po na sinasabi sa Apocalipsis (sa ika-20 kabanata nga) na ang impyerno'y ibubulid sa dagat-dagatang apoy. Kung hindi sila masusunog nang Walang Hanggan, kung ganoon anong mangyayari sa kanila?**

227 Gaya nga ng kasasabi ko lang, kapatid na lalaki o babae, kung sino man po ang nagtanong; sila'y malilipol, wala nang matitira sa kanila. Sila'y may pasimula, at doon sila'y magtatapos; wala na ngang matitira pa. Papaano sila . . . gaanong katagal sila masusunog, hindi po 'yan masabi. Pero, tingnan n'yo, doon . . .

228 Kung mapapatimo n'yo ito sa isip n'yo, kita n'yo, napaka simple lang po. May isa lamang na uri ng Buhay na Walang Hanggan, at 'yun ay nanggagaling sa Diyos Mismo. At ang Diyos lamang ang nag-iisang Buhay na Walang Hanggan. Kung kukunin n'yo nga rito sa lexicon, titingnan n'yo rito ang salitang Griyego na *Zoe*. Ang *Zoe* ay “Buhay na Walang Hanggan.” Ang *Buhay na Walang Hanggan* ay “Diyos.” At sinabi ni Jesus, “Ibinibigay Ko sa kanila ang Buhay na Walang Hanggan.” At kung titingnan n'yo rito sa lexicon, ang sabi rito, “*Zoe*.” Yan lang ang nag-iisang Buhay na Walang Hanggan. Walang dako sa Biblia na sinasabi Rito na may Walang Hanggang impyerno, ang sinabi rito'y masusunog sila nang “magpakailan-kailanpaman.”

229 Ngayon, para makuha ang salitang *magpakailanman*, tingnan n'yo ang, *aeon*. Napansin n'yo ba *rito*, sa Biblia? Ilan po ang nakarinig nang sinasabi nito, “At mga *aeon* at *ae- . . .*”? Ilan po ang nakakaalam na ang ibig sabihin ng *aeon* ay “isang espasyo ng panahon”? Hayan nga, tunay, lahat nga'y nakakaalam na ang ibig sabihin ng *aeon* ay “isang espasyo ng panahon.”

230 “At sila'y masusunog nang mga *aeon*,” mga espasyo nga ng panahon ang tinutukoy. “Ibubulid sa dagat-dagatang apoy, at masusunog nang mga *aeon*.” Ang ibig sabihin ng *aeon* ay “mga espasyo ng panahon.” Sila marahil ay susunugin nang sandaang milyong taon bilang parusa pero, sa huli, sila'y hahantong din sa katapusan; malilipol, nang buong-buo. Kita n'yo, dahil anumang bagay na hindi sakdal ay ang nabaluktot na bersyon ng Sakdal; at may pasimula 'yun, kaya marapat lang na may katapusan.

231 Pero tayo na sumasampalataya sa Panginoong Jesus Cristo ay may taglay na *Zoe*, “Sarili Mismong Buhay ng Diyos” na nasa atin, at may taglay na Buhay na Walang Hanggan. Hindi nga buhay na magpakailan-kailanpaman, dahil ang makasalanan ay may buhay na magpakailan-kailanpaman, pero ang taglay nga natin ay “Buhay na Walang Hanggan.”

232 Si Kapatid na Cox po, di pa katagalan, nakaupo siya sa daanan sa harap ng bahay bago namin ilagay 'yung . . . matapos naming ilagay 'yung mga bato roon, at may napulot siyang munting, matandang fossil, at sabi niya, “Kapatid na Branham, gaano kayang katanda ito?”

233 “Oh,” sabi ko, “kung sa kronolohika, masasabi mo na mga sampung libong taon 'yan. Para itong munti't, matandang nilalang sa dagat na nabuhay noong lumang panahon, isang

munting nilalang ng dagat, siguro’y matandang-matandang panahon nga ang nagdaan.”

<sup>234</sup> Sabi niya, “Naku’t isipin mo na lang kung gaanong kaikli ng buhay ng tao sa *buhay* n’yan.”

<sup>235</sup> Sabi ko, “Oh, pero, kapatid, ang bagay na ’yan ay may katapusan, pero ang Buhay na mayroon tayo kay Cristo ay walang katapusan. Yang nilalang na ’yan ay marahil nabuhay nang dalawa o tatlong *magpakailanman*, pero hindi nga ’yan magkakamit ng Buhay na Walang Hanggan, dahil ang Buhay na Walang Hanggan ay galing lamang sa Diyos.”

<sup>236</sup> Walang Hanggan, “Ang dumirinig ng Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan at HINDI kailanman paroroon sa kahatulan bagkus lumipat na mula kamatayan patungong Buhay.” Hayan nga, nagkakamit ka ng Buhay na Walang Hanggan sa pagiging isang mananampalataya. Ang isang di-mananampalataya ay may buhay na magpakailanman. Isang Walang Hanggan . . . ang isang mananampalataya ay may Buhay na Walang Hanggan, at di kailan maglalaho dahil Ito’y Walang Hanggan.

<sup>237</sup> Pero ang isang mananampalataya, siya’y hahantong . . . Ang isang di-mananampalataya ay susuong sa mundo, siya’y magdurusa, mapipighati; ’yang sinasabi-sabi niyang pagsasaya, “whoopee, ang saya-saya.” Mga babae, alak, at pagsasaya, iniisip niya na tuluy-tuloy ’yan. Mamamatay siya, pupunta siya sa dagat-dagatang apoy at asupre na nasusunog, kung saan ang pagsusunog ay magpapatuloy nang magpakailan-kailanpaman, at marahil sa loob ng sandaang milyong taon ang kanyang kaluluwa ay pahihirapan sa dagat-dagatang apoy at asupre.

<sup>238</sup> Aking . . . Sasabihin n’yo, “Yun ba’y regular na asupre?” Sa tingin ko nga’y milyon na mas matindi pa. Sa palagay ko nga’y hindi ’yun maisalarawan sa pamamagitan ng apoy, ng isang literal na apoy. Ang tanging dahilan kung bakit ang inilagay ay “sa pamamagitan ng apoy,” ay dahil ang apoy ang pinaka lumilipol na bagay na mayroon tayo. Ganap na nilalamon nito at nililipol ang lahat, ganyan nga ang apoy. Buweno, hayan nga, ’yun nga ang mangyayari dun, pero may kaluluwa kayo na marapat lamang na ipadaan sa isang uri ng kaparusahan . . .

<sup>239</sup> Ngayon, kailangan n’yong mag-ingat sa salitang *apoy*, dahil ang ginagamit kapag tinutukoy ang Espiritu Santo ay “ang Espiritu Santo at apoy”; dahil tinutupok ng apoy ng Espiritu Santo ang kasalanan, kita n’yo, at ibinubunsod ’yun na malinis.

<sup>240</sup> Pero ang apoy na *ito*, ito’y galing impyerno, ang sabi rito’y “dagat-dagatang apoy.” At kung ano nga ito, ito’y isang pagpaparusa ng lubhang pagpapahirap. Iniangat ng mayamang lalaki ang kanyang mga mata, yamang nasa impyerno siya, at sabi, “Ipadala mo si Lazaro na idinaiti ang kanyang mga daliri sa tubig, para ilagay sa labi ko, dahil ang mga apoy na ito’y

nagpapahirap sa akin nang lubha.” Huwag n’yong iisipin na walang nag-aapoy na impyerno, at literal na impyerno, dahil mayroon nga. Kung may literal na diyablo, may literal na impyerno.

<sup>241</sup> Pero, kita n’yo, lahat ng mga bagay na binaluktot ay may katapusan, dahil kinakailangan sa sa huli’y tumugaygay sa kadalisan na ’yun at kabanalan ng Diyos. At ang Diyos ay Walang Hanggan; at kung may Buhay tayo na Walang Hanggan, ang Diyos ay nasa atin, at hindi tayo maaaring mamatay kung papaano nga na ang Diyos ay di-namamatay. Hayan nga.

<sup>242</sup> Ngayon, nariyan na Mismo sa teksto ang paliwanag, kita n’yo, at pinagiging tumpak ito. Ngayon, tingnan pa natin, mayroon akong . . . Di ko lang alam kung may . . . Siyanga:

**“Anong— anong mangyayari sa kanila?”**

<sup>243</sup> Sila’y malilipol, maglalaho sila: mawawala ang kaluluwa, mawawala ang espiritu, mawawala ang buhay, mawawala ang katawan, mawawala ang mga diwa, mawawala ang memorya.

<sup>244</sup> At maglalaho nga maging ang kaisipan na masama, o sa hinaharap, mga nangyari man, doon sa Kaluwalhatian. Tama, mauwi lahat sa . . . Maiisip n’yo ba ’yun, na may mga tao rito sa bahagi na ito . . . ?

<sup>245</sup> Hindi ba’t sinasabi mismo ng Biblia, “Maging ang kaisipan ng masasama’y maglalaho”? Ang pinaka diwa mismo nito’y maglalaho.

<sup>246</sup> Heto nga ang isang lalaki *rito*, heto naman ang Diyos na Dakilang Banal na Yaon *dito*, at hetong nalalaman na doon sa ibayo ay may hukay na naglalaman ng mga kaluluwa na sinusunog dun? Mangyari nga, na hindi maaaring sa Langit ito. Yung mismong pinaka diwa, mismong memorya, lahat mismo ng binaluktot, bawat isip na masama, lahat ay maglalaho, at lahat mismo ng kasamaan dun. At wala ngang matitira kundi kadalisan, sa *Zoe*, ang Buhay ng Diyos; sa Walang Hanggan, at sa mga kapanahunan na dadatal, at dadatal, at dadatal, at dadatal, at dadatal; hindi Ito kailanman magtatapos, haya’t Walang Hanggan nga!

<sup>247</sup> “Sila’y pumaroon sa *panghabang-panahon* na kaparusahan, subalit ang matuwid ay pumaroon sa Buhay na Walang Hanggan.” Nakukuha n’yo ba? *Panghabang-buhay* na kaparusahan, Buhay na Walang Hanggan, magkaibang-magkaiba po!

<sup>248</sup> Ngayon, kita n’yo, hindi . . . Ngayon, alam ko, sa inyo, na mga minamahal kong mumunting kabataan, Hindi ko—hindi ko iprinepresenta ang sarili ko rito na para bang alam-ko-lahat. Kung ’yan po ang ginagawa ko, . . .

249 Ngayon, may tatlo o apat pa akong maiinam na katanungan dito. Itutuloy ko ang mga ito sa Linggo ng umaga, loobin ng Panginoon.

250 Ngayon, tingnan n'yo. Kita n'yo, itong lumitaw na mga tanong na ito. Isa po akong matandang mangangaral. Ako—ako—ako—ako'y dalawampu't anim nang taon sa pagmi-ministeryo. At ako—ako nga'y lubos na nagpapasalamat para rito, na masasabi ko ito, na aking... hindi ko sinubok man lang na magpresenta ng anumang bagay sa buhay ko nang hindi muna ito inihahayag sa akin. At ganoon na lamang ang pasasalamat ko na ang Anghel ng Panginoon... Sa kabila na ako'y walang edukasyon, walang kakayahan. At ang Anghel na ito'y bumababa, at sa tuwina'y aking tulong na ipinadala mula sa Diyos. At hindi Siya kailanman nagsabi sa akin ng isa mang bagay na anupa't ganap na sugpong na sugpong mula Genesis hanggang Apocalipsis, na anupa't... sinusulat ko lang nang madali noong sabihin Niya "At ikaw—at ikaw ay tatanggap ng kaloob ng Makalangit na pagpapagaling." At isinulat ko nga 'yun sa paraan ng pagkakasabi Niya nito.

251 At mga tatlong taon pagkatapos, tinawag ng tagapagtaguyod ng gawain ang aking—aking pansin sa bagay na 'yun, sabi, "Kapatid na Branham, napansin mo ba 'yun? Ganoon na lamang kaganap anupa't sinabi Niya sa iyo ang 'isang kaloob.'"

252 Kita n'yo, hindi sinabing "ang kaloob." At bawat—bawat isa sa Biblia... bawat isang kaloob ay "ang kaloob" pero ang Makalangit na pagpapagaling, at ito'y "isang kaloob." Yun nga'y "mga kaloob ng pagpapagaling." Maaaring kamit mo ang lahat ng uri ng mga kaloob ng pagpapagaling, iba't ibang paraan. Pero, 'yung iba pa'y "ang kaloob": "ang" kaloob ng pagpropesiya, "ang" kaloob ng *ganito*. Pero ang Makalangit na pagpapagaling ay maramihan: "mga kaloob." At di ko 'yun agad napansin noon, na ang Espiritu Santo'y ganoon na lamang kasakdal. Oh, purihin ang Panginoon!

253 Nauunawaan n'yo ba na ang siya ring Espiritu Santo na sumulat nung Bibliang 'yun, sa pamamagitan ng daan-daang mga kalalakhian, na sandaang mga taon ang pagitan... at wala ni isa sa kanila ang di sumang-ayon sa iba pa, bawat isa sa kanila'y ganap; at kahit ang isa sa kanila'y di naririnig ang isa.

254 Haya't si Pablo nga'y nagpunta, at nasa Arabia, at di bumisita sa Jerusalem nang labing-apat na taon, pero nagtungo sa Jerusalem at doon... nanggaling sa... hindi pa nagtungo ng Jerusalem. Pero doon sa Arabia, haya't nagsimula siyang mangaral, hindi pa noon nakikita si Pedro at ang iba pa sa kanila nang labing-apat na taon. At nung magsama-sama sila, ipinangaral nila ang siya ring parehong bagay: bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo, at Makalangit na pagpapagaling, at ang kapangyarihan ng Diyos.

Oh!

Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila.  
 Isa sa kanila, ako'y isa sa kanila,  
 Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila;  
 (Hallelujah!)  
 Isa sa kanila, ako'y isa sa kanila,  
 Sadyang nagagalak akong sabihing isa ako sa  
 kanila.

May mga tao sa halos buong dako,  
 Na nag-aapoy ang kanilang puso,  
 Sa pagbaba nitong Apoy noong Pentecostes,  
 Na naglinis sa kanila't pinaging malinis;  
 Oh, sa puso ko ngayon Ito'y lumalagablab,  
 Oh, luwalhatiin ang Ngalan Niya!  
 Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila.

Sa itaas na silid sila'y nagtitipon,  
 Nananalangin lahat sa Ngalan Niya,  
 Nabautismuhan sila ng Espiritu Santo,  
 At ang kapangyarihan sa gawai'y dumako;  
 Ngayon ang ginawa Niya sa kanila sa araw na  
 'yun

Gagawin din Niya sa inyo,  
 Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila.

Isa sa kanila, ako'y isa sa kanila,  
 Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila;  
 (Hallelujah!)

Isa sa kanila, ako'y isa sa kanila,  
 Sadyang nagagalak akong sabihing isa ako sa  
 kanila.

255 Pakinggan n'yo, may munting mensahe ako para sa inyo:

Halika, kapatid, pagpapala'y asamin  
 Na mula sa sala'y puso'y lilinisin,  
 Na mga kampana ng kagalakan babatingting  
 At alab sa iyong kaluluwa'y magpapanatili;  
 Oh, sa puso ko'y lumalagablab,  
 Oh, luwalhatiin ang ngalan Niya,  
 Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila.

256 Hindi ba't nagagalak kayo na isa kayo sa kanila? Ano 'yun?  
 Ang Espiritu 'yun na naghahayag. Kapahayagan 'yun ng Diyos,  
 "Sa ibabaw ng batong ito." Hindi ko alintana kung ang arsobispo  
 man ay . . .

257 May Katolikong pari na naupo, di pa katagalan, sa aking  
 bahay. At ang sabi niya, "G. Branham, pumunta ako para  
 tanungin ka ng isang tanong."

Sabi ko, "Sige, po."

258 Sabi, “May liham ako rito mula sa obispo, para sa’yoy.”

Sabi ko, “Sige, po.”

259 Sabi niya, “Yung bang mga pahayag na binibitiwan mo, magagawa mo bang itaas ang iyong kamay at manumpa nang taimtim na ang sinasabi mo’y katotohanan?”

260 Sabi ko, “Hindi ko gagawin.” Sabi ko, “Ang sabi ng Biblia, ‘Huwag kayong manumpa, sa pamamagitan ng kalangitan ni sa pamamagitan ng lupa (dahil ito’y tungtungan ng Kanyang paa). Ang mga pananalitang oo n’yo ay dapat hindi at oo.’ Kung gusto ng obispo na marinig ang sasabihin ko, kinakailangan niyang paniwalaan ang sinasabi ko. Kung hindi, paano’t hindi ako nanunumpa.”

261 Itong munting pari rito sa Sacred Heart na simbahan, sabi niya, “binautismuhan mo ba si Pauline Frazier nang *ganito-at-ganoong* petsa?”

262 Sabi ko, “Nagbautismo nga ako, ginoo, sa may Ohio River.”

263 Sabi, “Sa papaano mo siya binautismuhan?”

264 Sabi ko, “Binautismuhan ko siya sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo.”

265 Isinulat niya ’yun. Sabi, “Alam mo ba, ganyan dati ang pagbabautismo ng iglesyang Katoliko.”

Sabi ko, “Kailan?”

Sabi niya, “Noong sinaunang panahon.”

Sabi ko, “Ano pong sinaunang panahon?”

Sabi niya, “Buweno, sa pasimula.”

Sabi ko, “Ano pong pasimula?”

Sabi niya, “Sa Biblia.”

Sabi ko, “Ang ibig n’yo po bang sabihin ay ang sinau- . . . ang—ang mga alagad noon?”

Sabi niya, “Yun nga.”

Sabi ko, “Sinasabi mo ba na ang mga Katoliko, o, ang—ang . . . ? Sinasabi mo ba na ang alagad ay mga Katoliko?”

Sabi niya, “Oo, sila nga.”

Sabi ko, “Akala ko po ba hindi nagbago ang iglesya Katoliko?”

Sabi niya, “Hindi nga.”

266 Sabi ko, “Kung ganoon bakit sinabi ni Pedro, ‘Mangagsisi kayo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo’? Tapos sinasabi n’yo na ’yun ay . . . na siya ang papa?”

267 “Oo.”



268 “Kung ganoon bakit kayo nagbabautismo sa pangalan ng ‘Ama, Anak at Espiritu Santo’? At siya’y naglubog, at kayo naman ay nagwiwisik. Ngayon ano pong nangyari?”

269 Sabi niya, “Pero, kita mo,” sabi, “ang iglesya Katoliko ay may kapangyarihan na gawin ang gusto nitong gawin.” Huh.

270 Sabi ko, “At kaya ba sinasabi mo na ang mga alagad ay mga Katoliko?”

271 Sabi niya, “Oo.”

272 Sabi ko, “Ginoo, may libro po ako ni Josephus, may libro ako nung *Foxe’s Book of Martyrs*, mayroon di ako nung *Early Ages* ni Pemberman, mayroon di ako nung *Two Babylons* ni Hislop, na siyang pinaka sinaunang salaysay ng kasaysayan sa mundo, sige nga’t ipakita mo sa akin dun kung saan ang iglesyang Katoliko ay naitalaga o naging isang organisasyon . . . anupa’t animnaraang taon pagkatapos ng kamatayan ng huling apostol.”

“Oh,” sabi niya, “naniniwala kami sa kung anong sabihin ng iglesya.”

Sabi ko, “naniniwala ako sa kung anong sabihin ng Biblia.”  
Kita mo?

“Pero,” sabi niya, “Ang Diyos ay nasa Kanyang iglesya.”

273 Sabi ko, “Ang Diyos ay nasa Kanyang Salita.” Tapos sabi ko, “Kung . . .” Sabi niya . . . sabi ko, “Hindi sinabi ng Biblia na ang Diyos ay nasa Kanyang iglesya, pero ang sinasabi ng Biblia’y ang Diyos ay nasa Kanyang Salita. ‘Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay nasa Diyos, at ang Salita ay Diyos; at nanahan sa kalagitnaan natin.’ Tama. Sabi ko, “Ang Diyos ay nasa Kanyang Salita.”

274 Lumabas na siya at ang sabi. Sabi niya, “Buweno, hindi tayo puwedeng makipag-diskusyunan,” sabi, “dahil naniniwala ka sa Biblia, ako nama’y naniniwala sa iglesya.”

275 Sabi ko, “Naniniwala ako na ang Biblia ay ang kinasihang Salita ng Diyos at wala ni isang pagsasalungatan Dito. At Ito’y ang Salita ng Diyos, Kanyang Walang Hanggang mga plano para sa lahat ng mga kapanahunang darating. Sabi Niya, ‘Langit at lupa ay lilipas ngunit ang Aking Salita ay hindi lilipas.’ Ganoon nga. Sinasampalatayanan ko ang Salita.”

276 Pinuntahan niya si Gng. Frazier. Sabi niya, “Gng. Frazier, maaari ka bang pumirma sa papel na ito na pinapayagan mo ang anak mong babae na maging miyembro ng iglesya Katoliko?”

277 Sabi ng ginang, “Mas pipiliin ko pang samahan siyang lumakad patungo sa libingan.”

278 Sabi, “Nakakahiya ka.” Sabi, “Dapat ka pa ngang magpasalamat na ang anak mong babae’y lalabas mula sa

walang kapararakan na 'yan, at dito papasok sa iglesyang Katoliko.”

<sup>279</sup> Sabi, “Papaano na lang po kung ang anak mong babae ang pupunta sa simbahan ko, anong masasabi mo tungkol dun?”

<sup>280</sup> “Oh,” sabi niya, “iba na 'yan.”

<sup>281</sup> Sabi, “Hindi, haya't walang pinag-iba.” Alam nung lalaki na nakapunta siya sa kung anong lugar noong iwanan niya ang munting babae sa dako roon. Alam niya na nakapunta siya sa hindi niya dapat puntahan. Sabi nung babae, “Ngayon, 'yun 'yung pintong bukas kanina na pinasukan mo.”

<sup>282</sup> Kita n'yo, ganoon dapat. Huwag kayong pasisindak, hindi n'yo kailangang magpasindak. Kung ang Diyos ay sa panig mo, sinong makapapanaig laban sa iyo? Tama! Ang problema sa panahon ngayon, ang mayroon kayo'y patpating tinik sa halip na gulugod. Tumindig kayo para sa Diyos at sa tama!

<sup>283</sup> Ang siya ring Espiritu Santo na bumaba sa mga alagad at doon sa mga kapanahunang nagdaan, ay narito pa rin sa Kanyang Iglesya sa panahon ngayon, sa kanila na pinagpahayagan ng Diyos ng Kanyang Sarili. “Hindi sa may ibig, o sa tumatakbo, kundi ang Diyos na naawa.” Sa pamamagitan nga ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang paghirang, inaakay ang mga tao at binubuksan ang kanilang mga mata. Hinding-hindi n'yo Ito makikita, kung kayo'y bulag, at hindi n'yo talaga makikita maliban na lang kung buksan ng Diyos ang pang-unawa n'yo. Sinasabi ng Biblia na kayo'y bulag, at di kayo makakita. Wala kayong magagawa kahit ipagpilitan n'yo pa. Kahit pa 'yang edukasyon, karununganang kamit n'yo, mas lalo lang kayong mabubulag nang mabubulag.

<sup>284</sup> Ngayon, kayo na Church of Christ dito, kayo'y “nagsasalita lang sa kung saan nagsasalita ang Biblia, at tahimik kung saan ito tahimik,” paano naman Dito? Tahimik na tahimik kayo Rito. Siyanga.

<sup>285</sup> Kita n'yo, kinakailangan ng espirituwal na nahayag na Katotohanan. Tapos bababa ang Diyos at ihahayag ang Kanyang Sarili at patototohanan Ito na Katotohanan. Amen! Iniibig n'yo ba Siya? Ako rin. Amen.

<sup>286</sup> Buweno, lahat kayo na mga Methodist gusto n'yo bang makipagkamay sa mga Baptist ngayon? Kayo na mga Presbyterian?

<sup>287</sup> “Ngayon,” sasabihin n'yo, “Kapatid na Branham, umiiwas ka ba sa pakikipagbuklod sa mga Baptist at mga Presbyterian na hindi nagbabau- . . . ?”

<sup>288</sup> Hindi, po, hindi ko 'yan ginagawa. Itinuturing ko silang mga kapatid ko. Tunay! Hindi ko alintana kung kayo man ay di nabautismuhan, kayo man ay nabautismuhan sa pangalan ng “Rosa ng Saron, Lila ng Libis, at Tala sa Umaga,” wala 'yang

anumang . . . para rin 'yan “Ama, Anak, Espiritu Santo.” Tatlong titulo lang. Siya ang Rosa ng Saron. Siya nga ba? Ang Lila ng Libis, ang Tala sa Umaga, lahat ng 'yan. Tunay, Siya nga. Isa nun o alinman dun. Pero heto nga: ang tamang batay sa Kasulatang pamamaraan ay sa Pangalan ni Jesus Cristo. Kung ang ibig n'yo ay ang pamamaraan ng Kasulatan, ito 'yun mismo. Ito ang tamang pamamaraan.

<sup>289</sup> Ngayon, kung kayo'y nabautismuhan sa pangalan ng “Ama, Anak, at Espiritu Santo,” na sa pakiramdam n'yo ay ayos lang 'yan, amen. Kung mainam na pagtugon 'yan sa Diyos na tumutugaygay sa dalisay na budhi sa harapan ng Diyos, amen. Sige lang, kita n'yo.

<sup>290</sup> Pero kung ako ang tatanungin, kung sa akin lang po, kung tatanungin n'yo ako, sasabihin, “Kapatid na Branham, kailangan po ba akong magpabautismo?” Sasabihin ko, “Oo,” kung sa akin lang.

<sup>291</sup> May munting babae na nagtungo rito nung isang araw, ang sabi, “Tinawag ako ng Panginoon na maging mangangaral.” Hindi ako naniniwala, kung papaano nga na di ako maniniwala na siya—na siya ay nakatalon sa buwan. At ang babae po . . .

<sup>292</sup> Sabi ko, “Buveno, mainam, kapatid na babae.” Sabi ko, “Ikaw po ba'y kasal?”

“Oo.”

“May dalawa kayong anak?”

“Oo.”

Sabi ko, “Ano ang . . . ? Ang asawa mo bang lalaki'y ligtas?”

“Hindi.”

Sabi ko, “Ano ang gagawin mo sa kanya?”

“Iwan ko lang siya sa bahay.”

<sup>293</sup> Sabi ko, “Yan ang pinaka matinding pain na maipapain ng diyablo. Isa kang magandang babae kung tutuusin, at hayan ka na nagtungo sa dako ng pagmimisyon, magiging pangunahing pain at punterya ka ng diyablo. At ang asawa mong lalaki, sa bahay, isang bata-bata pang lalaki, at iwan mo siya kasama ang dalawang anak na ito; naku't magsisimula siyang pumuslit kasama ang ibang babae, at ang mga batang ito'y magkakaroon ng ibang tatay isa sa mga araw na ito.” Sabi ko, “Unang-una, kung tumawag ang Diyos ng babae, Kanyang sinasalungat ang Kanyang Salita.” Sabi ko, “Ngayon, kung gusto mo pa rin, sige lang.” Sabi ko, “Ngayon, espirituwal na pagtalos, sinasabi mo ba na nagkaloob ang Panginoon sa iyo ng espirituwal na pagtalos. Gusto mong pumunta riyon, sa entablado, at subukan ito?”

<sup>294</sup> Sabi ng babae, “Opo.” At tingnan n'yo kung anong mangyayari.

295 Kita n'yo, kung ano lang ang maibigan. Kinakailangan na manggaling mismo sa Salita. Kung wala 'yun sa Salita, kung ganoon hindi 'yun tama. Hindi ko alintana kung anuman ang emosyon n'yo, hindi tama. Amen! Mainam sa pandinig. Amen!

296 Buweno:

We'll walk in the Light, such a beautiful Light,  
Come where the dew drops of mercy are bright;  
Shine all around us by day and by night,  
Jesus, the Light of the world.

All ye saints of Light proclaim,  
Jesus, the Light of the world;  
Then the bells of Heaven will ring,  
Jesus, the Light of the world.

We'll walk in the light, such a beautiful light,  
Come where the dew drops . . .  
Shine all around us by day and by night,  
Jesus, the Light of . . .

297 Ngayon gusto kong ang bawat isa'y bumaling at makipagkamay, sa apat na direksyon, sa lahat po ngayon, habang inaawit-awit natin uli ito:

We'll walk in the Light, beautiful Light,  
(Amen!)  
Come where the dew drops of mercy are bright;  
Shine all around us by day and by night,  
Jesus, the Light of . . .

298 Minamahal n'yo ba ang mga Methodist? Sabihin n'yo, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang Baptist? Ang Presbyterian? Ang Katoliko? Ang . . . Oh, minamahal n'yo silang lahat? Sabihin n'yo, "Amen." ["Amen."]

We'll walk in the Light, beauti- . . .

Sige po't makipagkamay, habang lumilibot.

Oh, come where the dew drops of mercy are  
bright;  
Shine all around us by day and by night,  
Jesus, the Light of . . .

299 Bago natin awitin ang pagtatapos na awitin natin . . . Ngayon, posible po na nandito uli ako sa Linggo. Ngayon, pagkatapos n'yan matagal-tagal po akong makakabalik at pagkatapos na ng Pasko. Kita n'yo, dahil pupunta ako ng Michigan, mula Michigan papuntang Colorado, mula Colorado ay dadako naman sa Idaho, mula Idaho papuntang California, at babalik na kami. At posible rin (nais kong ipanalangin n'yo ako) ako po'y pupunta rin sa Waterloo, Iowa, simula sa ika-dalawampu't apat ng Enero hanggang sa ikalawa ng Pebrero. Kita n'yo, doon sa malaking arena dun, may tawag na


kakatanggap ko lang kanina, at ako’y may ngayon hanggang Linggo para manalangin. Kita n’yo, sa Waterloo, Iowa, na malapit na ngayon.

<sup>300</sup> Pero ngayon, alalahanin n’yo, makinig po kayo sa pagsasahimpapawid ng kapatid ng alas nuwebe, Sabado ng umaga. Tatawagan namin siya at ipaaalam. At ’yun po’y sa WLRP, ang Neville kuwartet po nang alas nuwebe, Sabado ng umaga. Buweno. . . Kung di po ako—di po ako makaabot, si Kapatid na Neville po ang tatapos sa mga tanong. Magagawa mo ba, Kapatid na Neville, para sa Linggo ng umaga? [Tumatawa si Kapatid na Neville at sinasabi, “Malaking tungkulin ’yan!”—Pat.] Buweno, kita mo, kung mahirapan ka, aalalay ako sa iyo. Sasanguni siya. Sige.

<sup>301</sup> Buweno:

Take the Name of Jesus with you,  
Child of sorrow and of woe;  
It will joy and comfort give you,  
Oh, take It everywhere you go.  
Precious Name, O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven;  
Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!  
(How sweet!)  
Hope of earth and joy of Heaven.

<sup>302</sup> Ngayon, kung gusto n’yong makakilala ng isang Baptist na naniniwala sa pagsigaw, ’yan po ay isang klase ng pagsigaw na pinaniniwalaan ko. Hayan nga ang isang matandang nanay na nakaupo riyon, at dumako sa kanya ang Espiritu. Bigla siyang sumigaw, hindi niya ’yun mapigilan, lumakad siya riyon at niyakap ang anak niyang babae. Gustung-gusto ko ngang nakakakita ng ganyan. Amen. Yan po’y tunay na mainam, na makalumang, tagos-sa-pusong pakiramdam. Oh, grabe, isang matandang—isang matandang, sinubok ng panahon, na hinog na banal, na handa nang umuwi sa Kaluwalhatian. Naghihintay na lamang sa pagpapatawag, kita n’yo, hayan nga’t nagtatamasa ng maluwalhating panahon.

Buweno, sige po Kapatid na Neville, anuman ang gusto niyang gawin. 

*MGA TANONG AT MGA SAGOT MGA HEBREO BAHAGI I* TAG57-0925  
(Questions and Answers on Hebrews Part I)

PAG-UUGALI, PAGSASAAYOS, AT DOKTRINA NG IGLESYA

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles nong Miyerkules ng gabi, Setyembre 25, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)